

Started: January 12, 2012. 7:30 PM

Fall for Me

Written by Kharu435 of Wattpad
(kharu435@yahoo.com)

"All he has to do is FALL FOR ME."

All Rights Reserved. No part of this story should be changed or tampered without the author's consent. Please do not claim as your own story. All parts of this story are fictional. Note that the names of the characters, time, place and events are story bound. Thank you. ^_____^

Characters:

Sunshine "SuShi" Scott

Kai Matthew Canzares

Shirley Woods

Jenny Andrews

Trish Villareal

Nadine Villamil

SuShi's Parents

*BLACK FONTS: EXTRA CHARACTERS.

[PROLOGUE]

Seraphine Scott.

She's my twin sister. Everyone calls her Sephie. Well, it suits her. She's strong, beautiful, sweet, friendly, lovable, and cheerful, and she always wears her striking smile. She's the type of girl any guy could easily fall into.

I loved her very much. I bet everyone who met her did. She's not just a twin sister to me.. She's my parent (at times), my guide, my adviser, protector and bestfriend. Since she's 3 minutes older than me, she plays the role of being my older sister. Though we look exactly the same, we're opposites when it comes to personality. I'm sensitive, quiet, and often aloof.

We live in the States, but because Sephie wanted to experience living in the country where our mother grew up, she spent her high school years in the Philippines. I refused to go, since I've always been the weakling. I never thought of living independently. This was something I wished I didn't do.

Everything went okay, she's happy and we're happy knowing that she was doing very well in the Philippines.

Not until she fell MADLY in love.

On her junior year in high school, she stopped sending emails and chatting with me. The last thing she said was that she thinks her boyfriend is seeing other girls. She felt upset and betrayed.

Since then, I started hating her boyfriend.

One day, my aunt went to the Philippines and visited my sister in her condo unit, only to find her lying on the floor, holding a blade that took her life away.

I know it's because of that stupid guy.

She is CRAZILY in love with him that she can't live without him. Her memory haunts me, because every time I face the mirror, I can see her.

I am Sunshine Scott. Call me Sushi if you want to.

And I'm up for revenge.

Step 1: The Dream

Where am I? It's.. It's too dark! But I can hear my sister sobbing..

"Sephie? Sephie? Where are you?" Her sobs are fading. I tried to run, but my feet won't leave its place.

I reached a door, there, I saw her..

Pale, bloodless.. Lifeless. I ran to her, but her body is being taken away by something..

"No! Sephie! Come back!!" then she's gone.

"Sushi? Sushi! Wake up, you're dreaming again!!" My initial reaction was hugging my mother.

Another dream. Oh, Sephie..

"You dreamt of her again, don't you?" I nodded. She kissed my forehead. "Breakfast's ready. Get dressed, okay? We're going to shop for your flight tomorrow." I felt bitterness and pain in Mom's voice.

Oh yes, I'm leaving tomorrow.

I'm going to the place where my dear sister died. I know my parents are not really happy with this, since they've lost Sephie, and now, it seems like I'm doing the same thing.

I bathed, dressed and went down for breakfast. It's too quiet..

"Sushi, you know how hard it is for us to let you go.." My father says. "But since you look very determined, we'll give you our permission."

"Thanks, dad! I promise, I won't let the same thing happen to me. Besides, I'm going to be independent at last!"

"Oh I wish you would, dear. And because you're very determined, you should start practicing 'Tagalog'." Uh-oh..

"But Mom!!?"

"It'll help you adjust! Don't get surprised if you would hear confusing words, anak." Hmm, 'anak' means child. Right.

"Speak or Stay?" My mother says.

"Opo, 'Nay." She wins. Ugh. I really have to practice, anyway. I don't want anybody to laugh at my accent, and doubt my personality.

After eating, my Mom and I got ready for shopping.

"Don't tell me I have to speak Tagalog at the mall?"

"Syempre naman." She meant, 'of course'. >__<

Good thing I still remember those, though I'm not fluent. Maybe Sephie is really good with this already.. So I have to practice!

"Nay.."

"Bakit, Anak?"

"Nagp-practice lang po." ^__^

We bought things that I would be needing, enough for a week of stay.

"Ma, ako na lang ang bibili ng mga.. uhmm.. damit ko." I tried to speak normally.

"Sure! Galing naman ng bunso ko! You won't have communication problems, trust me."

I told Mom to drop me off at Shirley, my best friend's house. I will shop dresses with her.

As soon as I stepped in her room, she throws herself to me.

"Are you sure about this?"

"Absolutely." There's a hint of sadness and pity in her eyes.

"Don't worry! I won't get busted. And.. It's for Sephie.. I would be there for only a year! Paranoid!" We hugged and headed to the mall.

We cherished the last hours that we have. We shopped and entertained ourselves.

"Ready for your transformation?"

"More than ready." We headed to the salon. My hair is too long! It falls down my waist.

"Oh my gosh. Your new haircut did half of the job." Her eyes widens. Before it's just plain and straight. Now it has layers. Oh! I've got bangs, too!

Shirley bought make-ups and taught me how to do it.

Once we've arrived at her room, I fitted my new set of clothes. It's really out of my style.

Goodbye to the simple and plain me.
I should start showing some skin.

"So not you, sweetie!" Shirley shouts.

"I'm sure every guy will drool over you! You never told me you're sexy. >_<" We laughed.

"But please, don't forget that you're still SunShine Scott. Not anyone else."

"Of course. I hope you wouldn't tell anyone about this."

"It's safe with me. But don't you think there's a possibility that you might get caught?"

I stood there and faced the mirror.

Not Sephie, Not me. It's a new face.. Ready for revenge.

"I don't think so. I'll be doing almost everything. That guy would do the easy part.

All he has to do is fall for me." *smirks*

Step 2: The Arrival

"Magi-ingat ka ha? Tawag ka palagi!" Mom kissed my cheeks.

"Be a good girl." Dad smiled. He understands Tagalog, but he can't speak. He's got that funny accent. LOL.

"Opo, mahal ko po kayo." I headed to the line going to the plane. Great, I'm travelling alone.

My aunt will fetch me at the airport, then after a day, she'll go back to States. I'm alone >__<

I wonder what kind of environment and people does the Philippines have. I just know they don't have winter.

Okay, I'm supposed to have my thoughts in Tagalog. But I'll save it. For now, I'll take a nap. Get myself ready.

For I know, the moment I open my eyes, there'll be no turning back.

~~~

The voice telling the passengers that we're landing awakes me. Gosh. I'm here!

I picked my things up and walked through the doorway.

I easily saw my aunt, holding a big "WELCOME SUSHI SCOTT!!" sign. We hugged.

"Tita!" She patted my head.

"You've grown! So much! You're a young lady now!"

"Salamat po!" I have to grow up...

"Tama yan! Mag-Tagalog ka! Haha!" Okay, >\_\_<

"Tita.."

"Bakit?"

"Hindi po ba pangit yung accent ko? You know, ince a month lang ang Tagalog day sa family namin.."

"Believe me, kung hindi ka lang maputi, pagkakamalan ka talagang Pilipino." Okay, medyo nalito ako doon. Kailangan talaga mabilis yung pagsa-salita? >\_<

Nakarating kami sa house ni Tita. Dun mun ako tutulog pero bukas, sa condo na ako ni Sephie.

The exact place where she died.

"Sigurado kang gusto mo dun? Pwede ka naman dito.. May maga-asikaso pa sayo.."

"Thanks but no, Tita. Gusto ko maging independent.. At ma-feel ang presence ni Sephie.." She nodded and left me.

I'm too tired to eat, so I spent my first day on the Philippines sleeping.

When I woke up, it's already morning, and my aunt is getting ready for her flight. It's hard to adjust with the timezones! >\_\_<

Binigay na ni Tita yung susi ng condo sa'kin tapos umalis na siya. Nagmamadali eh.

Now, I'm totally alone.

I packed up, thanked the maids, rode the taxi and mentioned the name of the condominium.

Pagka-pasok ko, may tumawag kay Sephie.. Huh?

I glanced at the mirror. Oh, it's me.



“Welcome back, Miss Sephie! Bagay sa inyo ang gupit niyo!”

“S-Salamat!” Sabi ko sa staff sa may entrance tapos dumiretso na ako sa floor ng kwarto ni Sephie.

I imagined her lying on the floor.. I can still feel her..

I miss you so much, Sephie..

After a minute of crying, I fixed my things, cleaned the room and arranged my belongings.

Pinatong ko sa sde table yung picture naming ng family ko. Buo pa kami..

To keep myself from thinking about her, I decided to fix my schedule.

Today, June 3.

Tomorrow, June 4 – Enrollment.

June 5 – Familiarize myself with the places here.

June 6 – Study Sephie’s diaries and slambooks.

Binigay sa’kin ni Mommy lahat ng records ni Sephie. Mas may karapatan daw ako dun.. I just left her death certificate,. It’s too painful for me to keep that.

Everything’s in her diary. Lahat ng taong nakilala niya rito. May picture pa kaya makikilala ko rin sila. I have to.

Of course no one will doubt me being Sephie. We look EXACTLY alike. Kahit sina Mommy nalilito saming dalawa.. Well, the only difference is that I have a birthmark in the center of my chest. No one could see it, though. No one should.

Cause from now on,

I am Seraphine Scott.

### **Step 3: Get to know them.**

Another night full of nightmares. I should get used to it.

Anyway, if it's about Sephie, then I won't consider it as a nightmare. At least, I get to see her..

I got ready and gathered my things and Sephie's record. Which would be my records after this day.

Kailangan ko `to.

Pag-labas ko, nanibago ako sa weather. It's freezing back home. Ditto, okay lang.

Sumakay ako sa taxi, sinabi ko yung name ng university. Yeah, nasasanay na ako sa taxi.

When I got there, everybody smiled at me, kahit yung mga staff. Syempre, akala nila ako si Sephie. I suppressed my tears. NA-realize ko kung gaano karami ang nagmamahal sa kakambal ko.

And that guy ruined everything.

Next week, simula na ng pasukan. Need to study!

Binati ako nung mga naga-asikaso ng enrollees. Akala raw nila hindi na ako babalik at sa States na ulit ako maga-aral.

Well, hindi na naman talaga siya babalik.

Nung namatay si Sephie, wala kaming sinabihan na kahit sino na nakilala siya sa Pilipinas, akhit sa mga teachers niya. Dad went here together body and we did the burial at home. Sobrang galit ni Daddy, hindi niya pina-alam ang nangyari. Wala raw karapatan ang ex-boyfriend ni Sephie

na malaman ang nangyari.

That's when I promised to do something for my sister. She doesn't deserve what happened.

Nakapag-enroll ako nang walang problema. Nasaulo ko na rin yung daan papunta at pabalik sa school.

Nung papasok na ako sa conco unit ko, may tumawag... Kay Sephie.

"SEPHIE!!" A small, pretty girl hugged me. She looks 18, pero hanggang tenga ko lang siya. What to do? DI ko siya kilala!

"Akala ko di ka na babaliK! Miss na miss na kita! Dun pa rin ba room mo?" I nodded. Ibig sabihin, wala rin siyang idea sa nangyari.

"I missed you, too! Sige ah, Kararating ko lang, usap tayo bukas!!" She smiled and bid goodbye.

Whew, That was close.

Hindi na ako nag-bihis, kinuha ko yung diaries at slambooks ni Sephie.

It starts, with me.

May picture naming dalawa na mag-kasama. It says:

*"My dear twin sister. I miss her soo much! I love you SuShi!"*

There, I cried my heart out, AGAIN.

I flipped through the pages and saw the girl from the other room.

*"Trish. My cutest neighbour. She always ets me borrow things. PAlahi siyang nakikitulog! Haha!"*

Oh, so kailangan hindi ako magulat kapag makikitulog siya sito. Must keep private things.

Meron ding mga profile ng mga naka-away niya. Wow, Nae-enjoy ko talaga 'to.. PArang, nakasama ko na rin si Sephie.. Ni hindi na nga ako nakapag-lunch..

I also met Jenny Andrews, Sephie's bestfriend.

*"Tadaaaaaa! Meet Jen! She's my second bestfriend after SuShi. She's pretty and nice like me. Masaya kasama, tatawa ka nang tatawa! Wish SuShi could meet her."*

I will, Sephie.

Kailangan pasalamatan ko si Jen.. Magiging mabait ako..

I'll try to be as good as Sephie.

After 30 mins, nakilala ko na yung mga classmates, schoolmates at acquaintances ni Sephie. Pati teachers. Thank God for my good memorization skills.

As I flipped through the last pages, my blood boiled.. My heart filled with rage..

It's him.

*"Meet Kai. The love of my life. I love you, babe! Sana mag-tagal pa tayo. Pinky Promise!!"*

Sa lahat ng tao na nakita ko ngayon, siya ang hinding-hindi ko pwedeng kalimutan.

I'll make him pay for what happened.

You'll be sorry for what you did, Mr. Kai Matthew Canzares.

#### Step 4: Slowly but SURELY

"Dalian mo, Sephie! Na-miss kita nang sobra! Marami ka ng utang sa'kin! Haha!" Hinila ako ni Trish palabas ng condo unit ko.

Nagulat nga ako nung nag-doorbell siya, tapos tuloy-tuloy na pumasok sa kwarto, tinulak ako sa banyo at pinag-bihis ako. Malling daw kami. Grabe! Ang hyper pala niya! But I'm enjoying her company.

Nagulat nga raw siya sa mga damit na dala ko, dati kasi, simpleng shirt and pants lang ako. But I know, kahit anong suot ni Sephie maganda pa rin siya.

Maganda na rin 'to, para makapag-libot ako, At least malalaman ko kung aano papunta sa mall. ^\_\_\_\_^

Isa pa, mas makikilala ko si Trish. Sa araw na 'to, masasabi kong nagging close na rin ako sa isang tao sa buhay ni Sephie. Ang sarap sa feeling.

Makakapag-tanong na rin ako sa kanya.. Mukhang close talaga sila ni Sephie, siguro marami akong makukuhang information sa kanya.

Kahit na 2 years ang tanda niya sa'in, ka-vibes na ka-vibes ko siya. Oha? May new word ako ngayon. Ka-vibes. ^\_\_\_\_^

"Naku!! Graduating ka na nga pala!! Next year, college ka na!! Ano bang balak mong kunin?" She asks. Ano nga ba? Eh ang plano ko.. Babalik na ako sa States. Total ngayong school year ko lang naman gagawin ang mission ko.

"Hindi pa ako sure eh.."

"Aaaah.. " Ano kayang course ni Trish? Naku! Kapag may nag-tanong sa'kin, wala akong isasagot! Kapag tinanong ko naman siya, baka mag-taka siya kasi hindi ko alam..

"Naku! Eh ako nga, ang lakas ng loob mag-Accountancy, bulok naman sa Math! Haha!" Oh great, I don't even have to ask it. ^O^

"Nakayanan mo naman for two years eh, for sure kakayanin mo 'yan!!"

"Sana nga. Haha!!" Nag-kwentuhan pa kami, may nalaman din ako sa iba pang kasama ko sa condominium. Nalaman ko na may nanligaw pala kay Sephie dati doon, at madalas daw pumunta si Kai sa condo unit niya.

"Sayang talaga kayo, malapit na kayo mag-anniv, tapos nag-break pa kayo!" Sabi ni trish habang papasok kami sa mall.

"Naaah.. I don't deserve him anyway.."

"Ano ba talagang.. nangyari? Hindi ka naman kasi nagshare nun.. Nabalitaan ko na lang sinundo ka ng Dad mo papuntang States. Masyado ka sigurong nasaktan no?"

Sobra. Sobra-sobra.

"Siguro.. Masyado ngang naging masakit sa'kin.. Halos ikamatay ko na.. Kaya nung nag-bakasyon ako sa States, sabi ko sa sarili ko, magmove on ako. Kakalimutan ko lahat ng nararamdaman ko para sa kanya. Heto nga, ang laki raw ng pinagbago ko.."

"I agree.. Pero, pwede bang malaman kung bakit ba talaga kayo nag-break? Wala ka pang nababanggit sa'kin eh.."

Hindi man nasabi ni Sephie sa'kin, I'm almost certain about that.

"Third Party.. I guess.."

Mukhang nagulat si Trish.  
"As in? I mean.. Sobrang loyal, faithful at sweet ni Kai sa'yo.. Hindi ako makapaniwala na magagawa niya yun.."

"People change. Okay lang, at least hindi na ako naka-tali sa kanya. Hindi na niya ako mapapaniwala sa mga pambobola niya."

"Grabe.. Akala ko pa naman.. Forever na kayo.."

"Walang forever, Trish. Lahat pwedeng mawala.."

She tapped my shoulder.  
"Sorry sa nangyari.. I'm sure may dadating na maganda sayo.. Siguro hindi lang talaga kayo meant-to-be ni Kai.. Ipakita mo na lang kung gaano kamali yung ginawa niya.. Aba! Hindi ikaw yung tipong pinagpalit sa kung sinu-sino lang!"

"Thanks.. Alam ko.. Wala na sa'kin yun.."

"Yan!! Nasa likod mo lang ako! Eh paano yun, baka classmates pa rin kayo?"

"Then it's better. I'll see to it na pagsi-sisihan niya ang ginawa niya kay Se—I mean, sa akin."

"Sigurado akong wagi ka dyan. Itsura mo pa lang ngayon? Naku! Iiwanan niya lahat ng babae niya! Haha!"

Hmm. Yeah, that's the first step. Better be ready Kai. \*smirks\* I'll make him feel ashamed of himself. Kung magco-commit siya ng suicide sa huli, okay lang din. Para maranasan niya namana ng pinaranas niya sa kapatid ko.

Tinuloy namin ang pagli-libot sa mall. Hindi kasinglaki ng mga malls sa States pero gusto ko yung aura sa paligid.. Ang gaan sa feeling. I'm starting to love the Philippines.

Kumain lang kami tapos namasyal. Nag-punta rin kami sa mga madalas daw nilang puntahan ni Sephie noon. Marami talaag akong natututunan kay Trish.

Syempre, kahit papaano nagi-guilty rin ako sa ginagawa ko. Ang bait-bait niya, tapos ako niloloko ko siya.

But this is for Sephie. Nasimulan ko na, there's no turning back.

Ngayon pang ilang araw na lang at masisimulan ko na ang plano ko? Hell NO.

Pagka-uwi naming, na-surprise ako kasi may party akong dinatnan sa unit ko. Welcome party daw para sa'kin. Sobrang touched ako, at sobrang nalu-lungkot din.

Kung sana nandito ka Sephie.. Ikaw sana ang ganito kasaya. Sobrang swerte mo sa mga tao dito. Mahal na mahal ka nila..

Ano pa bang kulang kay Sephie? Kailangan pa siyang ipag-palit..

Naaah. She's perfect.

May mga tao lang talaga na hindi makuntento sa kung anong meron sila. They always look for better things, that's why they don't seem to notice that they already have the best.

Now I have no doubts anymore. Kahit ano pang kapalit, itutuloy ko 'to. Masyadong mabait si Sephie para maranasan niya 'to.

Kung hindi niloko ng lalaking yun si Sephie,

Sana, mag-kasama kami ngayon. Sana, kasama ko siyang magcelebrate ng birthdays, Christmas at New Year.

Kinuha niya ang kalahati ng pagka-tao ko.

And I'm going to take something in return. Slowly, but SURELY.





Oh!!! She's Jenny Andrews!! Sephie's bestfriend!!

I hugged her back.

"I missed you, Jen!"

"Loka! Mas na-miss kita! Akala ko hindi ka na babalik!!" Halos maiyak na siya.

"Shhh! Wag ka naman umiyak! See, andito na ko!!" Nag-yakap ulit kami. Ugh. I badly needed a friend.

"Halika, marami tayong pagk-kwentuhan!!" Hinawakan niya ang kamay ko.

Ngayon pa lang, alam ko na kaagad kung bakit sila naging bestfriends.

"Uhhh.. Jen?"

"Oh?"

"Bakit ba lahat sila nginigitian ako?"

"Tinatanong mo ba talaga yan?"

Tiningnan ko siya ng "DUUUUH?"-look.

"Ugh. It's their sign of respect! Para namang di ka sanay!"

"Respect... Sa?"

"TANGE. Syempre, wala pa ring naka-agaw sa trono mo sa President ng Student Council no! Ikaw, nag-bakasyon ka lang sa US, ulyanin ka na!"

Oh-kaaay. Instant SC President ako. O\_\_O

Ni minsan, hindi ko naabot yun sa US. Hanggang secretary lang ako.

Well, si Sephie yun eh. She deserves it.

Sobrang laki talaga ng pag-hanga ko sa kanya.. Wish I could be like her.

Nasa may pintuan na kami ng room.

"Uhhh.. Sephie?"

"Yeah?"

"Hindi ka ba.. Naiilang?"

"Huh? Bakit naman?"

"Classmate natin si Kai.." She whispers.

"Naku! Wala na yun. Nukaba." I smiled.

"Talaga?" She looked delighted.

"Uh-huh."

"Akala ko, habang buhay ka nang magmu-mukmok! Halos suicidal ka na nga eh!!"

Hindi na ako naka-sagot nun.. Ngumiti na lang ako.

Pag-pasok ko, biglang may pumutok na party poppers.

**"WELCOME BACK PRESIDENT!!"** They shouted in unison..

WOW.

May nag-abot sakin ng flowers..

"Uhh, para saan 'to Mona?" Natandaan ko ang pangalan niya. Hayy.

"Welcome gift namin. Akala talaga namin aalis ka na.. Tsaka akala namin hindi mo makakayanan ang break-up niyo ni Kai. Kaya sobrang masaya kami nung nalaman namin na enrolled ka pa rin dito!!" Nag-group hug kami.

"Wait!! Umi-iyak na si Sephie!!" Sigaw ni Jen.

Shocks! Umi-iyak na pala ako! I'm so weak!

Ngayon lang kasi ako nakaranas ng ganitong affection galing sa isang klase. Parang outcast ako sa university sa US eh, hindi ko classmate si Shirley.

Ngayon alam ko na kung bakit hindi na bumalik ng US si Sephie. It's way better here.

"T-Thank you guys.." Yun na lang ang nasabi ko. Sana, nararamdaman mo ang nararamdaman ko ngayon Sephie. Kambal tayo di ba?

Lahat sila mabait sa'kin, tinatanong kung anong nangyari sa US.. Sinagot ko naman.

I had to lie..

Mostly, ang tanong nila eh kung naka-move on na raw ba ako.

Nagpakilala na kami.

"President first." Nginitian ako ng teacher. Okay, ako raw.

"Uhhh. Hello, I'm Seraphine Scott.. Call me Sephie.. And.. Uhhh. Don't be shy to approach me. ^\_\_^" Pumalakpak sila. Haha! Embarassing.

"Ang formal mo! Haha!" Sabi ni Jen. Seatmates kami.

Nag-klase kami ng konti.. Hindi naman ako masyadong nahirapan, may mga lessons na na-tackle na namin.. Medyo advance yung tinuturo sa US.

Ang galing, kumportable na kaagad ako.

Sa school, sa classroom at lalong lalo na sa mga classmates at teachers.

Sabi ni Mommy, mababait daw talaga ang mga Pilipino.

But I didn't expect them to be this kind. Really, really kind!

"Sephie! Dating gawi ha?" Ummm. Gawi?

"Huh?" I pretended that I didn't hear anything.

"DUUUH~ Break na! Dun tayo sa dating tambayan natin!!"

"AAAAAAAH! Okay! Haha!"

Okay, isip. Isip.

Lightbulb!! Nabasa ko yun, dun sila palagi nagpa-pahinga sa garden sa may likod ng gymnasium pagkatapos kumain..

Sephie peaceful places. Pareho siguro sila ni Jen.

Okay, kailangang wag akong lalayo kay Jen. Di ko alam kung paano pupunta dun. >\_\_<

Nag-punta kami ng cafeteria. Hmm. Di ko masyadong alam yung mga ulam, pero si Jen ang umorder nung 'favorite' food ko raw.

"Tadaaaaaaaa! Adobo ^\_\_^" Adobo?

"Thanks!" Ah! Pinrepare na 'to ni Mommy, twice sa bahay!

And I don't argue about its taste. Fave ko na rin 'to. \*Q\*

Pagkatapos naming kumain, papunta na raw kami sa tambayan namin. I wonder what it looks like.

Lalim ng iniisip ko.. Naka-lampas na kami sa gymnasium. Nakikita ko na yung trees!!!

Again, someone hugged me from behind. Oh, Jen.

"Hey Jen! Stop hugging me! Kanina ka pa!" I giggled.

But then, I saw Jen in few meters ahead of me. If she's there, then who's.....

*"I'm sorry for what I've done, babe! I missed you so much."*

## Step 6: Meet HIM

*"I'm sorry for what I've done, babe! I missed you so much."*

Nawala na sa paningin ko si Jen.

Humarap ako sa taong yumakap sa'kin. And I was dumbfounded.

It was HIM.

The guy whom I hated the most.  
The guy who made my sister die in pain..

*"Akala ko, hindi ka na babalik.. Akala ko iiwan mo na talaga ako. I'm really sorry Sephie.."* He hugged me again.

If only he knows how much I disgust this. His skin touching mine.

*"K-Kai.."* I managed to say. Pinilit kong wag ilabas ang galit ko.

He looked at me straight in the eye and held my face.

He's.. LEANING FORWARD. As if to kiss me.

I avoided his gaze.

He's surprised. HAHA! What does he think? I'll let him kiss me? FOOL ME, and then let me die of pain afterwards! Tsk. NO FREAKIN' WAY.

*"I-I'm sorry Sephie. BUT I still love you.. so much.. I never stopped."* He whispered.

"S-Sephie? K-kai?" Nasa tabi na pala namin si Jen.

Ngumiti si Kai.

"Hi Jen, nice seeing you again. Uhh, Sephie, usap tayo mamaya..?"

I looked at him as if I'm in doubt.

"Ah, oh sige. Bukas na lang. Bye." Then he left. Yeah Right. Coward.

"OMG Seph."

"Why?"

"Can't you see it? He looks so desperate! He wants you back!!!"

"Uh---Huh?"

"He still loves you!!!"

"And then?" \*poker face\*

"Uhhh, Ayaw mo na ba sa kanya?" Hindi ako sumagot, kasi hindi ko naman alam ang isasagot ko.

"Hey, Alam kong naka-move on ka na, pero alam ko rin na may feelings ka pa rin para sa kanya!"

"Right Jen.. Siguro nga."

"So.. bibigyan mo siya ng chance?"

"Tingin mo?"

"Kung mahal mo pa siya, na tingin ko naman ay OO, then go. I think he's telling the truth.."

"O-Okay.. I'll think about it.."



Binilisan ko ang paglalakad papunta sa garden.

Ngayon, nakita ko na siya. Hinding-hindi ko makakalimutan ang mukha niya.

If it is because of the looks, I'll understand why Sephie fell for him. He looks like those Asian actors. Kahit naka-glasses siya, hindi siya mukhang nerd.

But that's the problem with handsome guys. They take every girl for granted. Screw him!

And what? HE IS SORRY? Anong magagawa ng sorry niya? Sephie's dead already!!

Okay, hindi niya alam yun. Hindi niya malalaman.

Now that I know he's still into 'me'.. Mas magiging madali ang plano ko.

He didn't have to fall for me. He never stopped.

I'll give him a chance, YES.

A chance to feel the pain, and let it kill him. Little by little.

## Step 7: Intrigues

Okaaaay. Bilis kumalat ng balita sa school.

One of the photographers of our school paper took a picture of me and KAI embracing.

Well, she apologized already, since I'm the president. ^\_\_^

Hindi naman ako galit. Actually, it's great. A big contribution to my plans.

Kapag naglalakad ako, alam kong pinagbu-bulungan nila ako.

Ang kumakalat kasi, nagka-balikan na kami. Well, ayoko muna ng ganun. Isipin nila, easy to get si Sephie, I mean, ako.

I'm going to have a show.

"SEPHIE!" Oooh. Too early.

Nagsimula na naman silang mag-bulungan. I've got a lot of audience here.

"Oh, Kai! Good Morning!" I smiled, mukhang nagulat siya sa reaction ko. Maybe he thought I'm mad. Well, I REALLY AM.

He laughed a bit, then leaned forward again. Going to kiss me, eh?

GOSH. Ganito ba sila ni Sephie noon? He's not even asking for permission. Siguro noon pwede kasi sila naman. Pero nasaktan niya si Sephie, alam niya yun! Tapos parang wala lang?

I stepped backward.

"Hey.. Sephie.." He held my arms. Everyone's watching.

"Look, Kai. It's not that because I smiled at you, you could kiss me whenever you want to."

"HUH? Eh ganito naman talaga tayo ah?"

"NOON. You hurt me. Then you want me to act like nothing went wrong?"

He looked down.

"Sorry. I thought.. We're okay."

"Yeah, Okay naman tayo ah?"

"Ibig kong sabihin, tayo na ulit.."

"It's not that easy Kai. You have to prove yourself to me, again."

"Don't you trust me?"

"Not like the way I trusted you before." Naaaah. I NEVER did.

"Okay, I'm desperate. I want you back Sephie."

HAHA. I'm winning.

"Then make me." We both grinned.

He knelt and looked at me. Okaaaay. I was surprised, but I can't show anything.

"Please, Miss Seraphine Scott. Let me court you, AGAIN. I love you very much. Let me do everything to have you back. Pinagsisihan ko na yung mga nagawa ko noon. Ako kasi yung T\*ngang hindi naniwala sayo, tapos nung umalis ka, halos mamatay na ako. I'm really sorry. Ngayong nandito ka na, hindi na kita papakawalan." He kissed my hand.

Maybe if I'm in a different situation, kinikilig na ako. But no, Nandidiri ako.

"Okay." I tried to show a sweet smile.

"YEAAAAAAAAAAAAH!!" He jumped, the crowd clapped.

"Sabay tayo mag-lunch ah? I'll explain everything. Na-miss kita eh." He kissed my forehead, then he skipped happily.

When I was little, I promised myself to let my FIRST LOVE kiss me in my forehead.

It was too fast. Now, my dream is ruined.

Sige, palalampasin ko yun. GOSH. Sana matapos na 'to, para maka-balik na ako sa States. I can't stand a minute with him. Tapos sabay pa kaming magla-lunch?

Para ano? Marinig ko lahat ng kalokohan niya? YEAH RIGHT.

"Uy, nakita ko yun ah." Jen teases me.

"YEAH right." Paano ba umarte na kinikilig? I imagined myself reading The Hunger Games by Suzanne Collins. I thought of Peeta and Katniss.

And there! Napa-ngiti ako unconsciously.

"UUUUUUUUUUUUUY!! KINIKILIG SI SEPHIE OH!!" Jen shouts. Ooooh, never thought it's effective. XD

"WHOOOOOOOOOOOAAAAAAAAAA!!" The whole class goes wild.

Tumawa na lang ako.

Halos buong umaga, tinatanong ako ng mga teachers tungkol dun sa kanina. WOW.

Hmm. Ano kayang mangyayari sa lunch time? I'm gonna spend time with him. Guide me God, Sephie. Don't let me fall for his tricks. Don't let me believe his lies.

Before I know it, The bell rang.

It is lunch time.

## Step 8: Lunch Time

Nagpalakpakan lahat nung nag-ring ang bell. They know and I know what that means.

Kai Matthew Canzares, 17 years old, the campus' brainy heartthrob, is spending lunch with me.

As if I care. For me, he's just a guy.

The guy who killed my sister. Yun lang ang nakikita ko kapag tinitingnan ko siya.

Everyone's cheering for me.

"SEPHIEEEEEEEEEEEEE~" Someone shouts. Lahat kami napa-tingin sa pinto.

And there he is. Smiling as if nothing happened.

Pumasok siya sa room tapos lumapit sa'kin.

"Lika na, ganda." He offers his hands.

"YEEEEEEEEEEEEEEEEEEEE~" Daming audience =\_=\_

I smiled and took his hand.

"Libre kita ah?"

"May pera naman ako eh, Wag na.."

"Pleaaaaase?" He pouts. GOSH. Ganito ba talaga siya ka-childish?

"O-okay."

Hmm. Sa pagka-kaalam ko, pareho kami ni Sephie ng gusto sa guys.

Okay, kung sa looks, pasado naman si Kai.  
But Sephie and I like matured guys. Yun bang kaya kaming alagaan?  
Then we like guys with awesome fighting skills.

Aside from that, we want sweet, gentle and UNDERSTANDING guys.

I don't think ganun si Kai.

Napansin kong papunta kami sa garden.

I walk, he skips. ?\_?

"Uhhh. Do you mind if I ask you why you are skipping like that?"

"Naaaah. I'm just happy."

"Aaaah. Ganyan ka lagi kapag happy ka?"

Hell no. Looks like I've asked the wrong question.

I'm supposed to be Sephie, his ex-girlfriend. I'm supposed to know almost everything about him.

But instead, he smiled.

"I missed that."

"HUH?"

"You're still the innocent girl I've met three years ago. Kahit alam kong pinipilit mong umarte na hindi mo ako nakilala.. Nasaktan kita eh. I understand you." He pats my head.

Naka-rating kami sa garden, sa ilalim nung.. anong tawag dun?  
Sampaloc. Yeah. Sampaloc tree.

Uupo na dapat ako pero pinigilan niya ako.

"HEP HEP HEP!! WAG ka munang uupo!"

"B-bakit?" Weird.

Nag-labas siya ng malaking mat sa loob nung bag niya, tapos inilatag niya sa lupa.

"Ayan, upo ka na. Baka madumihan palda mo eh."

"A-ah. Thanks."

We sat silently. Uhh, okay. Walang food?

Nagka-titigan kami. I'm starving. Ugh. And Not-so-good things happen when I'm hungry.

"Food?" those words came out of my mouth unconsciously.

And then my stomach roared.

"HAHAHA." He laughed. Ugh!

"S-sorry."

"No, sorry din, Nagutom na yata kita. Eto oh, niluto ko yan. Fave mo."

Inabot niya sa'kin yung isang lunchbox. Meron din siya.

May lamang.. Adobo yung lunchbox. The aroma tickles my nose.



I took a spoonful into my mouth. Chew, chew, chew, and swallow.

"Mmmh." OH MY GOSH. Hindi ko sinasadyang ilabas yung sound na yun. But the food is great. Siya ba talaga nag-luto nito?

"Naalala ko dati, sinusuka mo lang lahat ng niluluto ko.." Sabi niya. "Kaya nung nalaman kong umalis ka, nag-aral talaga akong mag-luto. Sabi ko, susundan kita sa States, tapos ipapatikim ko sayo luto ko, baka sakaling magka-bati na tayo."

UH-Huh. Kahit sumunod ka dun.. Wala ka nang aabutan.

"Dapat kasi naniwala ako sayo noon. Akala ko talaga, you and James are seeing each other behind my back. Sobrang nagalit ako nun, lalo na nung may nagpakita sa'kin ng picture niyo na nagki-kiss... which turned out to be fabricated. I'm such an ass\*le. A bad boyfriend. Nasaktan tuloy kita nang sobra. Promise, babawi ako sa lahat," He wipes my cheeks.

Okay, I'm crying. Not because I'm touched.

But because I'm hating him more. Naa-alala ko na naman yung itsura ni Sephie nung ini-uwi siya ni Daddy sa bahay. She's already inside a coffin. Pale, thin and lifeless.

"Tama na ang kaka-iyak mo. Andito na ako, promise ko, hindi na ako maniniwala sa sabi-sabi. Unless galing sa'yo. I love you." He hugged me.

Sige lang, Kai. Mahalin mo ako. Die for me.

That way mababayaran mo ang ginawa mo.

## Step 9: Lullaby

Sabi ng mga classmates ko, wag daw akong tititig sa tao kasi matutunaw sila. Weird. Walang ganun sa States eh.

Well, sana nga ganun na lang kadali yun. Kapag tinitigan ko siya, matutunaw na lang siya and BOOM! Tapos na ang problems ko.

"Why don't you just disappear? UUUUUGGGGH!" I crumpled his picture. Yung naka-kabit sa diary ni Sephie. Okay lang, marami pa rito.

Seriously, sana pwedeng mawala na lang siya bigla. So I don't have to do this stuffs.

And I don't have to feel guilty.

YEAH. Inaamin kong nagi-guilty ako. Can't blame me! Hindi ko expertise ang paghi-higanti.

I'm just an average girl, living in an average place with an average life. Everything's normal.

In the first place, kung hindi siya naging paranoid or 'praning' sabi ni Jen, sana hindi.. hindi nagawa ni Sephie sa sarili niya yun.

ARGH. Why is he acting so nice? Hind ko na alam kung alin ang totoo eh.

Ang alam ko lang na totoo sa ngayon, ay yung pagkamatay ng kapatid ko, at kung sinong dahilan nun.

Eh kung alamin ko kaya muna ang side niya?

ARRGGH. Wake up, SuShi! He's your enemy! Siya ang dahilan kaya ka

nasasaktan ngayon, kayo ng family mo. Hindi pa ba sapat sayo na nakita mong nagpakamatay ang twin sister mo dahil sa kanya?

WEIRD. I'm talking to myself.

Nakaka-inis. Ang bait niya sa'kin, at madali akong mag-tiwala sa mababait na tao, lalo na at hindi naman ako approachable.

Kung hindi lang siguro siya ang ex-boyfriend ni Sephie, malamang best friend ko pa siya ngayon.

Pero kailangan kong palakasin ang sarili ko.. Shouldn't trust him.

Remember SuShi. You love your sister. She loved Kai. Kai didn't trust her. She committed suicide. Kai didn't know.. Kai doesn't care.

YEAH.

Example lang `to ng mga nangyayari sa'kin kapag gabi. Ilang linggo na akong hindi nakaka-tulog pagka-tapos nung first meeting naming ni Kai.

Natatakot na rin akong matulog. Palagi kong napapanaginipan si Sephie. O kaya naman, naiisip ko na parang ang sama-sama ko na.

Ako pa ba ang masama?

Okay, magmi-midnight na. Hindi na talaga ako makaka-tulog.

*~Just close your eyes, the sun is going down..~*

My phone rang. Sana kaya kong sundin yung sinasabi ng ringing tone ko.

And who would dare call me this late?

Sino pa nga ba. Tsk. Sana di ko na binigay number ko.

"Hello?" I tried speaking in a sleepy voice.

"Hello, Sorry, nagising ba kita?" He said.

"Sort of. DUUUH. It's midnight Kai. What do you want me to do?"

"Hehe. Sorry. Ako hindi maka-tulog eh." HAH. Karma yan.

"Oh? Bakit naman?"

"Eh iniisip kita."

"..." Dunno what to say.

"Hui. Gising ka pa?"

"Yeah."

"Sige tulog ka na.."

"Ano ba yan? Tumawag ka pa." Sabi ko. Nang-istorbo pa, yun lang pala sasabihin!

"Eh Sorry naman! Okay na 'ko, narinig na kita eh. Nawala na ba antok mo?"

"Yeah. Thanks to you." Sarcastic.

"Shungit. Sige, papatulugin na lang kita."

"Paano naman?!"

"Basta. Pakinggan mo na lang ako ha. Then maya-maya makaka-tulog ka na"

"Siguraduhin mo lang." I said. Sana nga, kailangan ko talaga ng tulog.

Tahimik. Ano kayang gagawin nito?

"*Didn't mean to take you for granted..*" He sings a song.. Hindi ko siya alam, siguro OPM yun.

OHH. Kakantahan niya ako para maka-tulog?

I listened to his song\*\*.

*"Didn't mean to show I don't care..  
Didn't mean to throw away this once in a lifetime of chance,  
Being with you,"*

Okay. He has a soothing voice, kahit acapella lang siya.

He continues the song.. Hindi ko nga siya alam pero naiintindihan ko bawat lyrics.

I can feel my eyes closing..

*"This time I surrender  
My everything forever  
Life doesn't matter,  
Just our souls together.."*

He's still singing, pero sabihan na niya akong bastos and unmannered.

Naka-tulog talaga ako.

I fell into a deep, peaceful sleep.

\*\*Kismet by Silent Sanctuary

## Step 10: Guilt

Ang sarap nga pala ng feeling kapag naka-tulog ka sa gabi ano? Kahit pa 6 hours lang ang tulog ko, it's better than my usual 1hour-sleep.

I thanked God for the day, cooked my breakfast, ate, bathed, got dressed and got ready for school.

Mabuti na lang nakapag-grocery na ako kahapon. Hayy.

Pagka-lock ko ng pintuan ng condo, sumalubong sa'kin si Trish, mukhang kagagaling lang niya sa pagj-jogging.

"H-hey Sephiee!"

"Oh? Hinihinal ka!"

"Y-Yeah. Don't mind me. Andun nga pala si Kai! Hinihintay ka sa labas!"

"HAA?!"

"Sinusundo ka yata!!"

Bigla akong nag-panic. Bakit nga ba? Sinusundo lang naman. Ano naman ngayon?

"Dali na!! Paghi-hintayin mo pa yung hot mong lover! Haha!"

Trish pushed me to the elevator. Not gentle. T\_\_T

Pag-baba ko, binati ako nung staffs then lumabas na ako.

"Ganda!!" Someone shouts. At siya lang naman ang 'someone' na tumatawag sa'kin ng ganun.

"Sabi ko wag mo na akong tawagin ng ganun." I say as I went nearer.

"Naaah. You deserve it. Sakay ka na." Then he showed me his bike.

It's not lame, it's cool actually.

Dalawa yung upuan niya, tapos may lalagyan ng bag sa likod. I want one!

"This yours?" He looked puzzled.

"Umm. Yeah? Binili natin 'to dati." Oh God.

"Ah? A-ah! Yeah. Haha. Sorry."

"I understand.. Medyo pina-iba ko rin yung kulay eh, kaya siguro hindi mo namukhaan. Sakay ka na." He said.

His tone got a little colder.

Nakaka-halata na kaya siya? Gosh. Wag naman sana. Hindi ko yata nabasa na bumili sila ni Sephie ng bike?

Masarap dun sa bike, comfy siya. Malambot yung upuan. Buti may space yung road para sa mga bike.

Itinabi niya sa may gate ng campus yung bike niya, he carried my bag then we went inside.

Hindi siya nagsa-salita habang papasok kami sa campus. Diretso lang ang tingin niya.

Nung nasa room na kami, pumasok lang siya, nilapag ang bag ko tapos lumabas ulit.

"LQ kayo?" Jen asks.

"Ha? Hindi ah."

"Eh bakit ganun? Dati mangungulit yun hanggang mag-simula ang klase? Hala anong ginawa mo.."

"Stop that! Hindi ko alam. Mood swings?"

"Tss. Naku ha, baka mamaya magalit na sayo yan. Pinapahirapan mo yata eh! Hoy, 1 month nang nanliligaw sayo at talagang full-effort yang si Kai. Bigyan mo naman ng konting token of appreciation."

Sad to say, that's not what I'm planning to give him.

Pumasok na ulit si Kai ng classroom. I looked down at my notebook. Baka galit nga.. Di ako maka-tingin sa kanya.

I saw his feet in front of me.

Tumingala ako.

"Uy. Sabay ulit tayo mag-lunch ah?" He says, with the same sweet smile.

"O-okay." Ngumiti rin ako.

Tapos bumalik na si Kai sa upuan niya, kumaway saakin at nag-low pa ng kiss.

Okay, baka nga mood swings lang yun. Hay.

Habang tumatagal, pahirap na nang pahirap ang mga ginagawa ko. Habang napapalapit ako sa mga taong 'to.. Mas lalo akong nagi-guilty.

Akala nila, ako si Sephie. Siguro kapag nalaman nilang niloloko ko sila, they would curse me to death.

Sephie, help me..

Lipad na naman ang isip ko habang nagk-klase kami. I'm thinking of what would happen later.

Paano kapag nakahalata na pala si Kai? Then sasabihin niya mamayang lunch? I'm sure the bike has some sentimental value for Sephie and Kai.. Then sasabihin kong naka-limutan ko?



And lunch time came.

"Tara ganda. Pinag-luto ulit kita." Kai takes my hand and we walked. Yes, hinahayaan ko siya. Naisip ko na, it'll help him feel more comfortable with me. Para hindi siya mag-duda.

"Alam mo, nagsisisi talaga ako sa ginawa ko.." he speaks. "Kanina, nagtampo ako. Kasi naka-limutan mo na yung bike, eh yun kaya ang una kong gift sayo nung unang anniversary natin. Pero siguro nga, nasaktan kita ng sobra, kaya nakalimutan mo pati yun."

"Sorry.." Was all I could say.

"It's okay. I'm just thankful you didn't forget about me."

I bit my lower lip. Lies. Lies. Lies.

Naglatag ulit siya ng mat, tapos nag-simula na kaming kumain.

Tahimik lang kami. Nung naligpit na namin yung food, umupo lang kami nang tahimik.

"I love you." He says. `Di na `ko nagugulat. Sanay na ako na bigla-bigla na lang siyang magsa-sabi nun.

"I know." He chuckled.

"Haha. Buti hindi ka naririndi sa'kin."

"Sanay na rin ako." Sumandal ako sa puno, humiga siya sa lap ko.

It's weird, right? I'm up for revenge, but what am I doing? Letting my most hated guy use my lap as a pillow.

"Kailan mo kaya ako masasagot ng I love you too? Nami-miss ko na kapag sinasabi mo yun eh." Sabi niya, tinanggal niya yung glasses niya tapos pumikit siya.

Di ko masabi kung saan siya mas gwapo, may glasses o wala.

“Di ko alam eh. Di ka pa ba nagsa-sawa sa kakaligaw?”

I just wish he could disappear.. O kaya, lumipat sila ng pamilya niya sa malayong-malayong lugar na walang nakaka-alam.. Para hindi ko na siya mahanap.

I’m starting to see him as a friend. And I shouldn’t feel that way.

God knows how much Sephie and I wanted a big brother. At sa ngayon, Yun na yata ang naïf-feel ko kay Kai.

“Alam mo kasi, kapag nagma-mahal ka.. Para kang nasa bangin, naka-kapit sa lubid tapos malapit ka nang mahulog.”

“Huh? Just get over with it!” He giggled.

“Haha. Patience ganda.”

“Sabihin mo na kasi!”

“Kasi, kahit nasasaktan ka na, ayaw mo pa ring bitawan..” He stares at me, then tucks my hair behind my ears. “Parang sa’yo, kahit na medyo sumasakit, tinitis ko. Ayaw na kitang pakawalan eh.”

He kissed my forehead.

Unconsciously, I found myself smiling.

Kai. Don’t be like that.

You’ll make it too hard for me..

## Step 11: Who's who?

Hindi raw ako masusundo ni Kai ngayong araw. Okay lang. Hindi ko na rin kasi maintindihan..

Kakagising ko lang.. Hindi pa ako bumabangon. Nagi-isip ng malalim..

Sephie.. Ano bang gagawin ko? Do you want me to take revenge for you? I love you so much.. Kaya ko ginagawa `to. Nandito na ako, hindi na ako makaka-balik..

Here I go again. So weak! I shouldn't be deceived. Syempre, akala niya ako si Sephie kaya gagawin niya lahat para maging kami ulit, Even if it means lying to me most of the time.

Sa sitwasyon ko, hindi ko sigurado kung sino talaga ang mapapagka-tiwalaan.

Okay, ginawa ko ang daily routine ko. I got ready for school.

Sanay na ako sa buhay sa Pilipinas. Tatlong buwan na rin ako rito. See? Hindi na masyadong tagilid ang Tagalog ko. ^\_\_\_\_^

Paalis na ako sa condo. Mukhang maaga umalis si Trish ah?

Bumyahe na ako. Independent na ko! Haha!

But of course, nami-miss ko sina Mommy at Daddy. Nagwe-webcam kami during weekends pero minsan, hindi na nagkaka-roon ng chance. Iba kasi ang oras dun, may work pa sila.

Habang nagla-lakad ako papasok ng campus, marami na namang nagbulungan..

Hindi ko naman kasama si Kai ah?

Tumingin pa ako sa paligid ko, pero mag-isa lang talaga ako. Bakit kaya ganun? Feeling ko ako talaga ang pinag-uusapan nila..

"Morning, Seph!!!" Hay salamat! May nag-salita ring kakilala ko.

"Morning, Jen!"

"Have you heard the news?"

"Anong news? Tsaka bakit feeling ko pinagbu-bulungan ako?"

"Bakit ba lagi ka na lang outdated?" Hinila ako ni Jen papunta sa may lockers.

"James is back.."

J-james?

Saan ko nga ba nakita ang pangalang James?

"Wait Jen.. James.. James Peralta?" I asked.

"No other.."

The hairs on my nape stood up.

Na-alala ko na!

Naka-lagay siya sa diary ni Sephie, pero walang picture. Nakalagay dun na si James ang dahilan kaya napapadaldas ang away nina Kai at Sephie noon.

Putol nga yung entry iya tungkol kay James, kaya akala ko hindi na yun importante.

"B-bakit daw?"

"Yun nga eh. Akala ko bumalik na siya sa Italy for good.. Baka.. Nabalitaan niyang nandito ka na ulit, kaya bumalik siya! You know how obsessed he is with you!"

Obsessed. What a heavy term.

"Anong gagawin ko?"

"Naku, hindi ko alam. Basta, magi-ingat ka palagi. And, wag na wag kang magpapa-paniwala sa mga sasabihin niya, lalo na kay Kai. Baka pina-plano niya uling pag-hiwalayin kayo!"

Hindi ko alam pero nakaramdam ako ng takot sa sinabi ni Jen.

Ganito rin kaya ang naramdaman ni Sephie noon? We might still have a twin's connection.

Nung papasok na kami sa classroom, nakita kong tumatakbo si Kai.

"M-morning Ganda! Sorry, may hinabol kasi ako.. Buti naka-rating ka nang maayos!"

"Akala mo sa'kin? Pilay? Syempre kaya ko no!"

"Oh, aga-aga sungit kaagad!" Pinitik niya noo ko. Aww~

"Ay! Namula! Sorry!" He says, and then kissed my forehead. "Ayan, di na masakit no?" He grins.

"H-Hey!! Madaya ka ha! Sinadya mo yun ano?"

"Ano ka? Hindi ah.." \*whistles\*

Napatawa tuloy ako. Nakaka-tawa yung reaction niya eh!

"Looks like you're having fun.. Sephie. Back to your old self?"

I didn't recognize the voice. Nung tumingin ako, hindi ko rin siya kilala, kaya napa-kunot ang noo ko.

"Bakit nandito ka?" I was surprised by the way Kai speaks.. He's too serious.. Tinanggal niya yung glasses niya at nilagay sa chest pocket ng polo niya.

"Bakit? Bawal ba? At isa pa..." The guy stared at me.. from head to toe. It's annoying. "It's more fun in the Philippines.. So, Sephie.."

Hinawakan niya yung chin ko. What the?

"Welcome back.." He continued.

"Bitawan mo siya, James!! Sephie tara na!!" Hinila ako ni Kai palayo sa classroom.

Yun pala si James? Okay, mukha siyang tamed! But his actions annoy me.

Napansin kong napalayo na kami ni Kai sa classroom. Seryosong-seryoso siya.. Ngayon ko lang siya nakitang ganito..

Teka, saan kami pupunta??

## Step 12: Blush

Tumigil kami dun sa ilalim ng puno ng Sampaloc..

Nakaka-takot yung aura niya. An image full of authority.

"K-Kai?"

Huminga siya nang malalim.

"I'm sorry." He says.

"For what?"

"Sa inasal ko kanina. Alam kong medyo bastos at maangas, pero basta! Nag-init na naman ang dugo kay sa James na yun.. Tsaka.."

"Tsaka..?" Ngayon lang siya nag-salita nang seryoso, yung hindi parang bata. And it suits him well.

"Nagse-selos ako.."

It took me a while before I absorbed what he have said.

Nag-seselos siya? Geez.

"Haha! Bakit naman?" Pumunta ako sa harap niya, naka-tungo kasi siya.

"Alam mo naman yun eh.." There. He's back to his old self..

"Haha! Naku. He's not my type you know." Bigla kong nasabi.

Nagulat din ako sa sinabi ko, natahimik kami.

Then he grinned. UUUGGGHH.

"Eh sino palang type mo?"

"N-not your business." Tumalikod ako.

I felt his arms around me. I flinched. Ang awkward!

"AKO no?? Uuuuuuuuyyy.." Tinutusok-tusok pa niya yung bewang ko. AT malakas ang kiliti ko dun.

"HAHAHA. HEY STOP—HAHAH!! NAKI-KILITI AKO!!" Pagka-sabi ko nun, tumigil kaagad siya at napa-titig sa'kin.

"Bakit? Something wrong?" I asked.

He shook his head.. Parang may ina-alis sa isip niya. Then he smiled sweetly. Nyeeeeeh. Weird.

"Basta ako yung type mo. Aminiiiiin." Tinuloy niya ang panga-asar.

"Tse! Masyado nang lumalaki `yang ulo mo ah! `Kala mo!"

"Totoo naman eh.. Kita mo, ayaw mo sa iba. Kasi nga, ako type mo."

"BLAH BLAH. Wala akong naririnig!!" Tapos tumakbo na ako papuntang classroom. I was surprised na hinahabol pala niya ako. Napa-takbo tuloy ako nang pang-marathon! Haha!

Pinagti-tinginan na kami, but it's not the perfect time to get conscious. He's right behind me!

At ayun na ang pintuan ng classroom!! Jeeeeeeen! Haha!



I was about to get hold of the doorknob...

"GOTCHA." He wraps me in his arms, causing me to lose balance.

And we fell.. In front of the class.. All eyes on us.. >/////<

**"Ooooooy!! IBA NA 'YAN!! HAHA!! YEEEEEEEEEEEEEEH!"** The class shouted.

Napa-tayo kaagad kami. Inalalayan ako ni Kai.

"Sorry, Ikaw kasi eh. Ayaw mo umamin. 'Di bale, sabi nga nila, some things are better left unsaid. Tayo ka na." Tapos naka-tayo na kami.

Nung uupo na ako sa upuan ko, bumulong siya sa'kin.

"Di bale nang hindi mo muna sabihin. Hindi naman mababawasan yung love ko sayo eh, don't worry." Tapos pumunta na siya sa upuan niya.

That's... Sweet.

"Uy Seph. Okay ka lang?" Jen asks.

"Huh? A-ah. Yeah."

Hinipo niya yung noo ko.

"Gosh girl. Punta ka na kaya sa clinic? Sobrang pula mo.."

"Ano?" Kinuha ko kaagad yung mirror ko. And GOSH. I can see a tomato. Ano ba `to?

Am I blushing???

Ilang minuto, nawala na yung pagka-pula ko. I thought I was dying. Antagal nawala eh.

Dumating na yung teacher namin. Nagka-tinginan kami ni Kai.

"I love you." he mouthed, all of a sudden.

Naupo na kami.

"Girl, hindi nga. Sasamahan na kita?"

Tumingin ulit ako sa mirror.

Oh God. I AM blushing.

### **Step 13: Doubts—Realizations.**

Naguguluhan na ako.

Ano ba `tong nararamdaman ko? I hope it's not something... deep.

UGGH!! I don't know what to do. I don't want to think of it..

I don't want to fall for him.

CRAP. My plan was to make him fall for me!! Well yeah, I did that part.

Pero kasama ba na pati ako mahuhulog sa kanya? I might be a newbie when it comes to love, but of course I know what I feel! And I'm not liking it..

Ayoko. Hindi pwede..

Kinuha ko yung picture naming dalawa ni Sephie.. Kinuha `to nung umuwi siya nung 15th birthday namin. Ang hilig talagang mag-pout ni Sephie sa pictures..

Nagulat nga ako nun kasi pina-dye niya ng dark brown yung buhok niya, eh ako blonde pa rin nun. Ngayon, pina-brown ko rin naman ang buhok ko.

Dear twin sister.. Help me..

Feeling ko, tina-traydor kita eh..

Ginawa kong lahat `to, para sayo.. To take revenge..

Ayoko ring baliin ang promise ko.. He may be special to me, pero sa mga oras na `to, mas matimbang ka pa rin, Sephie.

Kailangan ko nang matapos `to. Para maka-balik na ako sa dati kong buhay..

Siguro, nai-infatuate lang ako.. Or naa-attract sa looks niya. Or most probably, kasi ang bait niya sa'kin. Siya lang ang nag-pakita ng ganun sa'kin bukod sa family ko.

But of course, everything is unreal.

I'm unreal, my identity is unreal.. His love is unreal.

Malay ko ba kung anong ini-isip niya?!

But he always looks sincere..

UGGGH!! Ako na mismo ang nakikipag-talo sa sarili ko!! I hate it!!

Sephie.. Please give me a sign.. Hindi ko alam kung anong opinion mo sa mga ginagawa ko eh.. Nami-miss ko na yung mga advice mo..

Mahirap kang pantayan Sis, lahat tinitingala at nire-respeto ka. Masyadong mataas ang expectations nila..

Mahirap ma-reach yun, lalo na kung hindi naman ako katulad mo.. Hindi tayo magkapantay sa mga ganitong bagay..

Ayokong masira ang pangalan mo sa school.

I need a company!! Hindi ko na kaya, mababaliw na 'ko!!

I called Trish. Jen's out of town. Weekend naman kasi.

"Hello, Seph?"

"Trish.. Busy ka?"

"Hmm.. Considered bang busy ang pagb-boyhunt sa TV? Haha!! Bakit, may problema ka?"

"I badly need a company.."

"Oh sure, maya-maya kakatok na `ko. Haha!!"

Binaba niya yung phone, mga two minutes, nag-doorbell na siya.

"Oh Ba-----" Pagka-pasok niya, niyakap ko na kaagad siya. Siya na yung naging big sister ko. Super comfy ako kasama siya.

"It's too hard.." Hinimas niya yung buhok ko.

Umupo kami sa kama ko. Nakita niya yung picture naming ni Sephie. For a while, nag-panic ako. Peron a-realize kong wala naman akong dapat ika-takot.

"Magka-mukha pala talaga kayo ng kakambal mo `no? Magka-iba nga lang kayo ng kulay ng buhok dito. Ano ba ang natural?" She asks.

"B-blonde. Nagpa-dye lang ako pag-dating ko sa Philippines. Nakaka-OP kapag blonde eh. Haha!"

"Loka. Haha! Ang cute niyo tingnan!!"

"Thank you.."

"Oh, back to topic.. Whatcha problem?"

"Hmmm. Madami. Expectations sa school, homesickness.. Si Kai..."

"Aba! Ngayon ka lang namroblema sa ganyan ah? Intindihin mo na lang ang school niyo. Role model ka kasi. SC President ka pa. Hindi maaalis 'yan.. Kung nami-miss mo naman ang pamilya mo, normal lang din 'yan!! Pag nalu-lungkot ka, andito naman ako!! Ang maganda mong Ate.."  
Lumapit ako kay ATE Trish tapos nag-hug kami.

"Ngayon, kay Kai naman.. Ano namang problema?"

"I'm doing something I am not supposed to..." I tried to make my answers as vague and innocent as possible.

"Nahuhulog ka ulit sa kanya ano?" Hindi ko alam ang isasagot ko. In the first place, first time ko 'tong maramdaman..

Dun pa sa taong hindi ko pwedeng magustuhan..

"Di naman kita masisisi..." She continues. "Gentleman, gwapo at mabait. Ideal man talaga... Ba't ka naman matatakot at ba't mo pagba-bawalan ang sarili mo na ma-inlove ulit sa kanya? Okay, given na nasaktan ka niya ng sobra.. Pero hindi mo ba nakikita kung gaano siya ka-sincere?" Hinawakan niya ako sa balikat.

"Seraphine, sometimes it's good to give second chances.. Not everyone is ready for the first time.."

Ang sarap sabihin na, 'Hindi ko kailangan ng motivation para ma-fall kay Kai.. What I need is something that could force me to hate him'

I need to do my plans as soon as possible...

I don't want to experience love at this time, at this situation, and at 'this' person.

## Step 14: 'I'll stand for her'

Pumasok ako kahit wala ako sa sarili ko. Kahit na nung isang araw pa 'yung conversation namin ni Trish, hindi ko pa rin maalis sa isip ko yun..

Binati ako nung mga students.. As usual.

"Sephie!!" Tinatawag ako ni Mae, auditor ng SSC.

"Yeah? Good Morning!!"

"Late ka na!!"

"Huh? Eh 7AM pa naman ang klase ah?"

"Hindi!! Wala bang nag-sabi sa'yo na may meeting ang SSC this morning? Sina Nadine and nagpa-kalat ng balita ah? Anyway, tara na!!" Hinawakan na niya yung kamay ko tapos hinila ako.

Si Nadine? No wonder hindi nakarating sa'kin ang balita. She's the secretary of the SSC. Una pa lang, halata ko nang hindi kami magka-kasundo. Siguro kaaway siya ni Sephie dati.

Pagka-pasok namin, nagdi-discuss na sila. Ako na lang ang wala.

"Well, what a great role model. Okay, now that our dear Ms. President is here, shall we proceed?" She glared at me. Psh.

"Of course, Dear SECRETARY." I know how much she wanted my position. UGH.

Umupo na ako sa seat ko. Arranged kasi ang seats base sa positions.

"Morning Ganda ^\_\_\_^" Kai says. Okay, I forgot he's here. Plano ko pa namang iwasan siya.

"Likewise." I smiled a little then focused my attention to the discussion.

"Ayun nga, dahil dumadami ang cases ng hazing incidents sa school natin, we need to do something. Hindi bagay sa reputation ng school natin yun!!" Nadine says, as if she was delivering some kind of victory speech.

"What do you think shall we do, Sephie?" Nakita kong medyo nairita si Nadine nung lahat sila sa'kin nag-tanong.

"Uhhh. I guess, we need to teach discipline to students.. In a nice way.. Yung tipong mare-realize nila na mali ang ganun, at na dapat hindi sila sumali sa ganun...." I said, innocently.

Natahimik ang kwarto.

"HAHAHA!! Are you sure? Like, Hell what??" Nadine laughs. Evil >\_\_<

"Course I am!"

"Sa tingin ko, dapat kini-kick out na kaagad ang mga involved sa ganyan! Our school is no place for filthy people!!"

"NO! Tapos pag na-kick out sila, ano? Mas lalo silang mawawalan ng gana.. They'll loose directions in life. Kung ipapa-intindi natin sa kanila na mahalaga ang paga-aral, eventually, we could stop those horrible activities, slowly but surely!!"

Natahimik ulit.

"I agree. ^\_\_\_^" Kai says. Napa-ngiti ako.

"Me too." Mae raises her hand.

Maya-maya, si Nadine na lang ang hindi agree sa sinabi ko.

"Bahala kayo!! Lame plans!! Very LAME!!" Then she walked out.

**"Whooooooooooooooooo!!"** Nag-sigawan lahat sa room.



"Galing mo Seph! I never thought sasabihin mo 'yun!! Kung dati, siguro sasabihin mong suspension ang dapat ibigay sa kanila!!"

Hmm. Strict nga pala sa rules si Sephie.

Bakit kasi hindi ko kayang maging ganun? Ang lambot lambot ko. Weak.

"Galing ng love ko oh.." Kai helds my face.

"A-ah. Thanks." Tapos umalis na ako at tumakbo papunta sa room.

I know it's rude.

Wala naman siyang alam sa nangyari pero ganito ang ginagawa ko.

Well, ito naman talaga ang plano ko nung una pa lang di ba? Anong pinag-kaiba??

Buong umaga, ini-iwasan ko si Kai. Kay Jen ako sumasama during breaktime.

Pabalik ako sa classroom galing sa CR nung nakita kong nagku-kumpulan lahat sa may pintuan ng auditorium.

"Hey, anong nangyayari dito?" Natahimik lahat nung dumating ako. Agad silang nag-give way.. Naka-pasok ako sa loob.

"And do you think she still deserve her position??" Nadine asks.

Murmurs. 'Yan ang sagot ng tao.

"And look, andyan na pala siya eh. Bakit hindi ka umakyat dito Sephie? Tell them your LAME plans!!!" She smirked.

Okay. I have a BIG fear with too much audience.. Kinakabahan ako ng sobra kapag marami akong kaharap na tao..

Something that Sephie doesn't possess. I have to be strong.. Just this time! Please makisama ka!

Umakyat ako sa stage. Nakipag-titigan sa tao... Ang tahimik.

"Uhhmm. G-Good Afternoon. About the.. Uhh.. The plans about.. the.. hazing incidents.. Uhhmm.." Oh please!! Stop stammering!!

"BOOOO!!" Someone shouts.

"Cm'on President! Speak up!!"

"Where's your spirit??" Hanggang sa umingay na lahat..

"So, what do you think, Dear President?" Nadine mocks me.

Hindi ako naka-sagot. Instead of words, tears came out.

Oh Please!! Ngayon pa ako naging iyakin!!

Suddenly, I felt the warmth which really comforted me.. The arms that make me feel secure..

"STOP THIS NONSENSE, Will you??" He starts.

With the great authority in his voice, the whole auditorium fell silent.

"Ganyan ba talaga kayo? Balimbing? Plastic? Kada umaga, babatiin at ngingitian niyo si Sephie, tapos kapag wala na siya, ganito?? You'll make fun of her? Nasaan ang pinag-aralan niyo??" Nakakatakot ang boses niya.. But it doesn't scare me. I admire it.

"Maraming pinagda-daanan si Sephie ngayon. Binoto niyo siya, dapat suportahan niyo siya! Her plan was brilliant! Using education against violence. Kayo naman, nagpa-padala kaagad kayo sa sinasabi ng iba! Sino ba ang President? Si Sephie di ba??"

Itinayo niya ako, at itinulak sa unahan ng stage. Now I could see how much people humiliated me today.

"Hindi palagi, malakas si Sephie. She might be weak and fragile at times. And during those times, I'll be the one to take responsibility. I'll stand for her. Kaya wag na kayong mag-reklamo.

I, Kai Matthew Canzares, promise to do my duties as the vice-president. Tutulungan ko si Sephie at ang buong SSC. I just hope you could do the same. Thank you. Back to your rooms, now!!"

Then he held my hands and pulled me.

Nadine glared at me.

Naka-tulala lang ako. Ina-absorb ang nangyari.

He defended me.. He stood for me. He fought for me..

Worst,

He made me fall even deeper for him.

## Step 15: Suicide

Little by little.. I'm learning to accept the fact..

That slowly.. I'm falling for Kai even though I'm forcing myself not to.

Bakit Lord? Why does it have to be me? Why does it have to be him?

Bumalik na lang kaya ako sa States? Ayoko na.. I'm losing hope.. Maybe it's God's way of telling me that it is not good to seek revenge for others..

Kai texted me last night. Mag-kita daw kami bukas, which is Sunday. Hindi ko alam kung anong gagawin namin..

Itu-tulog ko na lang siguro.

Sana pag-gising ko, masagot na yung mga tanong ko...

\*\*\*

*Someone giggles.. A child?*

*"Hey!! Shin!! Don't go too far!! We're going to meet someone!!"*

*Oh God. It's Sephie's voice!!!*

*"Sephie?? Sephie!!!" I shouted.  
Someone tapped my shoulders from behind.*

*"Missed me?" She says. Bumalik na sa dati yung buhok niya.. Back to its natural blonde color.. She looks happy.. and alive..*

*I hugged her, so tight that I thought I'm already squeezing her. I don't want to let her go..*

*"Whoa!! Easy, Sis!! Hindi na 'ko maka-hinga!! Alam kong nata-tagalog ka na.. Speak up!"*

*"Na-miss kita... sobra.. Bumalik ka na.. Or atleast take me with you!!"*

*"NO!! Hindi mo pa oras, Sis. You still have to go far.."*

*"Bakit? Hindi ba pwedeng mag-kasama tayo?" She shakes her head.*

*"You'll have to face your future with someone else.."*

*"Who??"*

*"You'll have to figure it out by yourself.. Basta tandaan mo na, kung ano man ang desisyon mo, I'll be supporting you. Basta wag ka lang susunod sa'kin ng maaga ha? Sisipain kita pabalik sa Earth. I love you, Sis!! I have to go, Ang likot kasi ni Shin!! Ang hirap hanapin!!"*

*"Shin? Sinong Shin?" I bet she can't hear me anymore. Medyo malayo na siya. May batang yumakap sa legs niya maybe, 1 year old pa lang? The child resembles someone..*

*They both smiled and waved at me. I did the same, and their image started to fade.*

*\*\*\**

*"HAH!!" Nagising ako at pawis na pawis ako. God, it's a dream.*

Napa-ngiti ako. Ito ang unang pagkakataon na napanaginipan ko si Sephie.. Na hindi tungkol sa pagkamatay niya. Ang ganda-ganda niya.. Mukha siyang masaya, peaceful.

I wonder who the child is. Maybe her child in the future, kung hindi siya namatay nang maaga..

Shin. Kinuha niya sa Sunshine at Seraphine.. Ang cute niya..

Mas naramdaman ko tuloy ngayon kung gaano ko siya nami-miss.

Suddenly, I felt very alone.. empty.

\*beep\*

Oh, someone texted me. Tumingin ako sa wall clock, 7AM lang.

Teka, wala ba akong nakaka-limutan?

Binuksan ko yung text message.

**From: Kai Canzares**  
**Ganda, ready ka na? :3**

Ready for what???

SANDALI LANG.

Tumingin ako sa calendar.

SHOOT! Sunday nga pala ngayon!!!

Dali-dali akong naligo. Di na ako kumain. Late na ako sa usapan namin!!

Nakakainis naman!! Tinanghali ako ng gising! Hindi niyo ko masisisi. Ang ganda ng panaginip ko eh!

**To: Kai Canzares**  
**I'm sorry, late ako nagising. Una ka na. Saan tayo mgkikita?**

Habang hinahanda ko yung isu-suot ko, inaantay ko yung text niya. What takes him too long?

\*beep\*

**From: Kai Canzares**

**Ganun? Dbale, puntahan na lang kita sa condo mo. Jan na ko mghihintay. Ako magluluto ng breakfast mo.**

Napangiti ako nung naisip kong ipagluluto niya ko. Marunong siya?

Ang cute naman, ipagluluto niya ulit ako.

No. Mali!

Napa-iling ako sa naisip ko. This is wrong.

Dumiretso na ako sa banyo. Mabilis lang naman ako maligo kaya for sure bihis na ako pag-dating niya.

After 15 mins. lumabas na ako. Nag-bihis na ko. Simpleng balloon dress lang tapos jacket na manipis. Binlower ko ang buhok ko, and I braided it, letting it hang on my left shoulder.

Pagka-labas ko ng kwarto, nakita kong nasa kusina na si Kai. Great, naiwan ko palang bukas ang pinto! Di man lang nag-doorbell =\_\_=

"Good Morning!! WAW Ang ganda mo!!!" Sabi niya. Ang cute, naka-apron siya. Bwaha. Tinanggal niya rin yung glasses niya.

"Tse. Tigilan mo 'ko. Bilis, I'm hungry." Pinipilit kong maging cold.

"Nyeeh. Sungit oh. Meron ka?"

"HOW DARE YOU!! Napaka-sensitive na bagay niyan para bulgaran mong itanong!!"

"Nyah Nyeh oo na! Haha, kain ka na lang beybi. Sarap yan. Omelet." He smiled.

"Eh bakit isa lang 'to? Di ka kakain?"

"Uuuuy. Concerned!! Na-touch naman ako!!" Hinampas ko siya sa braso.  
"Joke lang! 'Kaw naman! Kumain na ako sa'min!! Pinag-luto lang kita.  
Baka magutom ka eh.."

"Ah.. Salamat.."

Tahimik kami habang kumakain ako. Alam kong tinititigan niya ako.  
Nakaka-ilang.

Napa-isip ako. Halos four months na rin pala akong nililigawan ni Kai.  
Antagal na ah? Pero ni minsan, hindi niya ako minadali.

Sa dami ng efforts na ginawa niya, hindi siya humingi ng kapalit.

Siguro nga, pero sa isip niya, baka naghihintay na siya ng sagot.

Mas mabuti nang hindi na niya ako tanungin.

Ayokong gumawa ng isang bagay na masasaktan kami pareho.

Habang kumakain ako, naglibot siya sa bahay..

Nakita niya yung picture namin ni Sephie na magkasama. Nag-panic ako  
nun..

"Ang cute niyong magkapatid ah. Musta na nga pala yung kakambal mo?"

She's gone, Kai.

"A-ah? Nasa States.. A-ayaw niyang sumama rito eh."

"Ganun? Sayang naman. Magkamukha talaga kayo oh!!"

Hindi na ako umimik. Buti naitago ko nang maayos yung mga diary at  
notebooks.



Nung natapos na 'ko, kinuha niya yung pinag-kainan ko. Siya na raw ang maghuhugas.

"Uhh, Kai, saan tayo pupunta?"

"Hmm. Simba muna tayo, tapos ipa-pasyal kita. Today is a special day."  
He says.

Ano namang special? Psh.

Nung makapag-linis na kami ng bahay, lumabas na kami. Dun ulit kami sa bike na dalawa ang upuan. Ang galing, ang sarap kasi dito.

Buti na lang pala nag-dress ako. Mahirap gumalaw kapag jeans. At naka-shorts ako sa loob no! Conservative ako.

"Hawak ka." Tinuro niya yung bandang tiyan niya. "Masarap hawakan 'yan, madaming humps."

"Yabang mo!! Haha!" Umupo na ako, tapos humawak sa bewang niya. It's awkward..

Ayoko na.. Isipin ko pa lang na sasaktan ko siya, naaawa na ako.

Ano bang okay?

Be his girlfriend before breaking his heart? Or vice-versa?

At least kapag binasted ko siya ngayon pa lang, hindi na siguro masyadong masakit. UGH. Wala talaga akong talent sa pananakit ng tao.

Siguro naman, bayad na siya 'di ba, Sephie? Hindi ko na alam..

Masarap ang hangin habang nagb-bike kami. May malapit naman kasing church sa'min.

Sinandal ko ang ulo ko sa likod niya.

I know I shouldn't be doing this. May kung anong kumikirot sa dibdib ko..

"Napapasarap ka ah.." Sabi ni Kai. Shoot. Nakarating na pala kami!

Inalalayan niya ako pababa ng bike. Natatawa ako. Parang napaka-formal ng suot namin para sa bike.

"Tara na? Inaantay tayo ni Lord." He takes my hand.

Halos araw-araw naman kaming nagho-holding hands eh. Minsan nga, hinahanap na ng kamay ko yung kamay niya. Pero syempre, hindi ako ang nagf-first move!!

Lumuhod si Kai, lumuhod na rin ako. Hindi kasi ako sanay sa pagsi-simba.. Iba sa Pilipinas..

Pumikit siya, tapos pinag-cross yung kamay niya, and started praying.

"Lord, salamat po kasama ko yung babaeng mahal ko ngayon. Salamat at hinayaan niyo siyang bumalik sa'kin. Ingatan niyo po kaming dalawa. Gabayan niyo po ako mamaya. Hoping for your kind consideration. Amen."

Natawa naman ako. Parang excuse letter lang sa school.

But seriously, it's sweet.

Hindi man ako sanay, nag-pray na rin ako sa isip.

*"Lord. Hindi ko po alam kung tama ang ginagawa ko. Hope you could help me. Mahirap po ang sitwasyon ko. Alam kong malaki ang possibility na*

*mas lumalim pa ang feelings ko kay Kai. Kayo na po ang bahala. Sana hindi ko po pagsisihan ang mga gagawin ko. In Jesus' name, Amen."*

Pagka-mulat ko ng mata ko, nakita kong naka-titig siya sa'kin.

"Tara na." Hinawakan niya ulit ang kamay ko tapos bumalik na kami sa bike. Habang nasa bike, tinanong niya ako.

"Anong pinag-dasal mo?"

"Secret." Sabi ko tapos sumandal ulit sa likod niya. Ang sarap..

"Daya. Ako pinarinig ko sayo."

"Hindi ko naman sinabi na lakasan mo eh!!"

"Pero may pinag-pray pa ako sa isip ko.."

Hindi ako umimik. Baka sabihin unfair ako pag tinanong ko. Haha!!

Sabi ko na eh. Nakarating kami sa isang park nang walang umiimik.

Ibang klase talaga ang nature sa Pilipinas. Ang gaganda ng flowers! May lake pa, fountain at malawak na picnic place.

Umakyat kami sa hill na may hagdan. Ang ganda tingnan! Ang romantic..

"Ganda.." Siguro dito niya talaga dinadala si Sephie dito noon.

"Maganda talaga. Bago lang `tong park na `to. Sabi ko, una kong dadalhin dito yung babaeng mamahalin ko for life.."

I don't think it's me.

Impostor ako. Mask. Plastic.

Hindi ako yung babaeng mahal mo. Yung itsura ko lang ang mahal mo Kai.

The thought kills me.

"Alam mo ba, nung nakita kita nung first day of school, sobrang saya ko. Naisip ko na gagawin ko talaga lahat para maging girlfriend ka. Kahit na ganyan ang ugali mo, mahal pa rin talaga kita. Hindi ko masukat kung gaano kita kamahal eh."

Naiiyak ako. Naiisip ko.. Sasaktan ko lang siya.

Worse, kapag nalaman niyang niloloko ko siya, para ko na rin siyang pinatay.

Humarap siya sa'kin at hinawakan ang mga kamay ko.

"Mahal na mahal kita Ms. Scott. Pasensya na kung paulit-ulit ako. Pag hindi ko 'to nilabas, sasabog ako eh. Hindi ko na kayang mawala ka sa'kin.. Masyado na kitang mahal.."

Nag-simula siyang lumuhod..

No.. Wag muna ngayon, please..

"Please, be my girlfriend.."

Naka-ngiti siya habang sinasabi niya yun. Oh God. Ang sakit sakit makita nung ngiting yun!!

Anong gagawin ko?

*"Basta tandaan mo na, kung ano man ang desisyon mo, I'll be supporting you."*

Bigla kong naisip yung mga sinabi ni Sephie sa panaginip ko.

Mahal ko si Sephie.. But I think.. Mahal ko na rin si Kai. How ironic. Pareho kami ng kakambal ko ng lalaking minamahal..

Anuman ang gawin ko, alam kong may masasaktan pa rin sa'min.. Walang choice na magiging masaya kami pareho.

Lahat ito, peke.

Inakay ko patayo si Kai, then I hugged him.

"Does this mean????" He says happily.

"I'm sorry, Kai. I'm really sorry." Tumakbo ako habang tumutulo ang luha ko. I don't want to see his smile fading.

The pain is killing me.

What I did was suicide.

## **Step 16: Just let this end.**

Masyadong masakit.

Alam kong sobra ko siyang nasaktan at naapakan ko ang ego niya nung tumakbo ako pagkatapos niya akong tanungin kung pwede niya akong maging girlfriend. I left him hanging in the open air.

Kung tutuusin, dapat akong maging masaya, di ba?

I did it. Mission accomplished. Nasaktan ko siya.. Naparanas ko yung sakit na pumatay sa kapatid ko..

Pero kailangan ba na sobrang masaktan din ako?

Alam kong wala naman ako sa lugar eh.

I'm a piece of my own game. Wala ako dapat maramdaman..

Mahal ko siya.. Pero hindi niya naman talaga ako mahal eh. Mahal niya lang ako dahil nakikita niya sa'kin si Sephie.

Hinding-hindi ko mapapalitan si Sephie.

Somehow, nakaramdam ako ng inggit kay Sephie.. For the first time. First love ko yung last love niya. GREAT.

Yung first love ko pa yung isang tao na imposibleng maka-tuluyan ko.

Pagka-graduate na pagka-graduate ko, I'll go home immediately. Go back to my normal life.. Live happily and peacefully.. And maybe find someone to love..

Kahit na parang imposible nang maibalik lahat sa dati.

Malalaman pa kaya nila ang totoo? Sasabihin ko pa ba na hindi naman ako yung Sephie na kilala nila? Baka magalit sila.. Baka nga isumpa pa nila ako eh..

Lalo na si Kai.

Hindi ko na alam ang gagawin ko.. Napaka-simple lang naman ng plano ko nung una ah? Bakit naging ganito?

Habang nagi-isip ako, may nag-text sa'kin.

**From: Kai Canzares**  
**Usap tayo bukas.**

Para saan pa, Kai? Hindi pa ba sapat sayo yung ginawa ko? Ayaw na kitang saktan...

Ayaw na kitang mahalina.. Please lang..

I can't avoid him at school.. Classmate ko siya! Hindi rin ako pwedeng umabsent kasi maraming inaayos ang SSC.

Ano kayang pagu-usapan namin?

Aminin ko na kaya sa kanya?

What am I thinking? UGH! Gulong-gulo na ko. Help me Sephie..

Ayoko na talaga.. Feeling ko masisiraan na ako ng ulo..

Kung pwede lang sanang takasan lahat ng problema..

Tumunpog yung laptop ko..

Naka-online kasi ako mail. Makikipag-webcam sina Mommy!! Geez, Badly needed!

Inaccept ko kaagad.

"HI BABY!! Kumusta ka dyan??" Bungad ni Mommy. Gosh, miss na miss ko na siya!

"Mom, I'm getting tired.."

"Of what Sweetie? Di ba gustong-gusto mo yan?"

YEAH. Kagustuhan ko naman `to eh. Kung alam lang nila ang pinagda-daan ko..

"Do you want to go home now?" Dad asks.

Uwi na ba ako? As in ngayon?

"If you're really not feeling comfortable there, just call us. We'll send you your tickets.. Think about it. We miss you. Take care, okay? I and your Mom still have a meeting to catch. We love you!!" Kumaway sila tapos nawala na.

Isang tawag lang at matatapos na ang lahat..

Alam ko na. Papasok ako bukas, tapos makikipag-usap ako kay Kai.

Total, ilang months na lang naman at matatapos na ang school year.. Pwede pa akong tumuloy ng paga-aral sa States..

Aminin ko na lahat. For sure sasabihin niya na nasaktan ko siya masyado. Sasaktan ko pa siya, tapos tatakas na naman ako..

Mas okay na yung walang umaasa sa'ming dalawa.

Wala naman kasi kaming patutunguhan.



## Step 17: Unexpected

This is it.

Pagka-tapos ng araw na 'to, kailangang kalimutan ko na lahat ng nangyari sa Pilipinas..

Lahat ng naging kaibigan ko.. Yung taong minahal ko.

Kasi hindi naman sila 'sakin' eh.

Kay Sephie sila. Peke ako.

Pumasok ako nang naka-tungo. Wala akong confidence.

Ngayon lang pumapasok sa isip ko yung mga epekto ng ginawa ko.

Nirespeto, Inalagaan at minahal nila ako, dahil tingin nila, si Sephie ako. Hindi dahil ako ay AKO.

I'm an impostor. Kung malalaman 'to ni Nadine, for sure sasabihan niya pa ako ng b\*tch.

Well partly, I deserve it.

Pero hindi nila ako masisisi ng sobra. Mahal ko lang talaga ang kapatid ko. Kahit paano, nai-ganti ko na siya..

Naka-pasok na ako sa classroom. Let's do this.

"Sephie!!!" Tumakbo sa'kin si Jen, tapos niyakap ako. I hugged back.

"Nabalitaan ko yung nangyari.. Okay ka lang?" WOW. News flies.

"Yeah---" Hindi na ako nakatapos sa sasabihin ko, hinampas niya ako sa braso.

"BAKIT MO SIYA BINASTED??!!!" She bursts out.

"Jen you don't---"

"OF COURSE I DO!! Mahal ka niya, mahal mo siya. THEN BABASTEDIN MO? WTH??" Gosh, she's gone hysterical!!!

"Oh Come on Jen!! You don't know anything!!!" Tears started to fall from my eyes.

Tumakbo ako palabas.. Too late.. Nakabunggo ko yung huling taong gusto kong makita sa araw na `to.

"K-Kai.."

"Tara." Cold. Kinuha niya ang kamay ko at hinila ako palayo. Great. We're going to cut classes.

Usual place. Binitawan niya ang kamay ko.. Nakakadagdag sa tension ang hangin..

"Why?" He says. "Bakit hindi ka um-oo? May kulang pa ba? Ayaw mo na sa'kin? Or may iba ka na?"

Humarap siya. Walang luha, walang emosyon..

Pero kita mo yung pain sa mata niya.

"Kai..."

"Answer me!" Lumapit siya at hinawakan ang mag-kabilang balikat ko.

Hindi na ako nakapag-salita.. Napa-hikbi na ako..

Niyakap niya ako.. Stroking the strands of my hair.

Tama na Kai. Alam ko namang si Sephie ang mahal mo.. Hindi ako.  
Aasa lang ako lalo kapag ginawa mo yan.. Masyado nang masakit..

"Kai.. Tama na,, P-please.."

"Mahal na mahal kita.. Kahit ano ka pa, o kahit sino ka pa.. I love you.  
Please, give me a chance.."

Napa-pikit ako sa sinabi niya.. Konting-konti na lang, bibigay na ako.  
Tama na please..

He held my cheeks.. Closer and closer..

Ayaw ko man, hindi ako naka-laban..

Our lips met.

Tuloy-tuloy na yung luha ko. `Di ko na mapigilan.

Sephie.. Mali ba kung kahit ilang buwan lang, angkinin ko yung mga  
bagay na iniwan mo? Lalo na itong lalaking nasa harap ko?

I love him.. Sobra.. Alam ko na yung naramdaman mo dati..

Pwede bang mahal in ko rin siya?

Kahit na hindi naman ako yung talagang mahal niya?

Alam kong masasaktan lang kami pareho sa huli kung itutuloy ko 'to..  
Pero..

"I love you, please.. Say you love me too.." He pleads.

Pero Hindi ko na kaya..

For once.. let me be happy with him. Ilang buwan na lang naman eh..  
Sephie, pahiram muna ah??

"I-I love you, too.. Kai.." He smiled.

The smile that takes my breath away.

We both laughed, a sweet laugh.

Though deep inside..

My heart is breaking into thousands of pieces.

## **Step 18: A thousand years**

Wala na akong magagawa.

Sobrang bilis ng mga pangyayari, at ngayon nga..

Kai and I are OFFICIALLY on.

Pero kahit na mabilis, wala akong pinagsisisihan. Kahit pa sabihing mali 'to. Ilang buwan lang naman eh..

Tapos mawawala na lang ako sa buhay nilang lahat. Yun nga rin ang dahilan kaya ayaw kong mahalín siya..

Unfair sa kanya kapag umalis na ako.

Naloko na nga siya, naiwan pa siya. Hay.

Sabagay, kapag naman nalaman niya kung anong tinatago ko, magiging masaya pa siya sa pag-alis ko.

He'll hate me.. He'll forget me.

Then quits na kami. Nasaktan ko siya, nasaktan niya 'ko.

There! End of my fairytale.

But for now, lem'me enjoy these moments.

Mahal ko na talaga siya. Hindi ko kayang hindi maging masaya kapag kasama ko siya.

"Uuuy. Iniisip na naman ako nito. Tama na!! Hindi ka maka-move on sa nangyari kahapon??!!"

Uhh. Yeah, katabi ko pala siya ngayon, naglalakad kami papuntang school. Magka-hawak kamay.

Pero hindi katulad noon, ngayon.. Ang sarap sa pakiramdam. Malaya at masaya.

"Yabang mo ah, baka ikaw nga dyan ang hindi maka-get over! 3AM na text ka pa ng text!!"

"Hehe. Kinikilig pa rin ako eh."

"Bading mo."

"Ang gwapo ko namang bading no!!" Tapos kiniss niya yung ulo ko.

Uggh. Please don't let this end.

Ang bilis lumipas ng oras kapag siya ang kasama ko.. Parang yung ilang minuto, isang libong taon ang dumaan.

But I think I could love him even after a thousand years.

Tingnan mo nga naman, dati, takot na takot akong mahulog sa kanya.. Galit na galit ako sa kanya..

Naging matapang ako, I was brave enough to take the risk of falling.

Pero ngayon, nahuli pa rin ako. I got captivated by his charms.

Naiintindihan ko na si Sephie.

Kapag nagka-hiwalay kaya kami.. Makayanan ko?

O magagaya lang ako kay Sephie?

Hindi kaya nagagalit si Sephie ngayon? Kahit na sabi niya, naka-suporta lang siya sa'kin.. Alam ko namang mahal pa rin nila ang isa't-isa.

Ako, substitute lang.

Gaaaah! Wag na nga munang isipin yan!! Magpapakasaya na lang ako ngayon.

Kahit papano, maramdaman ko naman yung saya.

**"Uuuuuy! Andyan na ang couples!!"** Nag-wala na naman ang buong klase. Niyakap ko kaagad si Jen.

"Jen, I'm sorry.. Sorry kung nasigawan kita nung isang araw.. Nadala lang ako.."

"Tss. Ano pa bang magagawa ko? Eh kayo na rin naman.  
YEEEEEEEEEEEEEEEEEE!!! HAHA!"

Nag-sigawan ang lahat... Nakaka-hiya! Hindi naman ako sanay sa ganito!!

I felt Kai's arms around my waist. Hinatak niya ako palapit.

"Nahihiya ka 'no?" He asks.

Paano kung hindi naman mahiyain si Sephie sa ganito? Gotta act confident.

"H-hindi naman. Sanay na rin ako."

"Yaaaan. Masanay ka na talaga dapat. Mas magiging good boyfriend ako this time. I promise." He kisses my left cheek.

"Ayun oh!! PDA!! HAHAHA!!" Sigaw ni Jen. Nyaaa~

"Don't worry, sa susunod, tatago na kami. Bwahaha!!" Nag-high five si Kai at yung barkada niya.

Nakakahiya. >/////<

"Kai, CR muna ako ah?"

"Okay, Ingat ka! Papakasalan pa kita!!"

I think I blushed.. Kaya tumakbo na kaagad ako sa CR. At hindi ako nagkamali, pagharap ko sa mirror, pulang-pula ang mukha ko.

At hindi lang pala ako ang nasa loob ng banyo. Nandun din si Nadine.

Palabas na siya ng CR. Hay! Akala ko manga-away pa siya!

"Filthy piece of trash. Eew." Narinig ko pang sabi niya bago siya lumabas ng CR.



Ano raw yun? Di ba dapat sabihin niya yun sa sarili niya? WARFREAK.  
Maybe Insecured lang siya. Crush niya boyfriend ko eh. ^\_\_^

Dahil masaya ako, hindi ko na lang pinansin yun. Ginawa ko na ang dapat kong gawin.

Pagka-labas ko sa cubicle, nag-ayos na ako tapos umalis na.

"So, kayo na pala ulit ni Canzares?" Naka-sandal siya sa pader sa tabi ng pintuan ng CR. Bawal tumambay dito ah?

"J-James? Anong ginagawa mo rito? It's almost time.."

"Tinitingnan ko lang kung kumusta ka na.."

"Well obviously, I'm fine.. And happy."

"Nakikita ko nga eh.. But you know.." Mas lumapit siya. Awkward. "I could make you A LOT happier.." He whispers.

Kinilabutan ako ng sobra dun.

"A-ah. I have to go, James.."

"Wait!! I'm just kidding! Ikaw naman.. Parang wala tayong pinag-samahan.." Hinawakan niya ako sa braso.

"Ano bang gusto mo?"

He stared at me. Ugh. His stares give me shivers.

"You know, 18th birthday ko na next next week. And I want you to come."

Should I come? Mapagkaka-tiwalaan ko ba siya?

"Wag kang mag-alala, isama mo pa syota mo kung gusto mo." Syota? I don't like the term.

"Ah, I'll ask my BOYFRIEND first. Sige, magk-klase na eh."

Nag-madali na akong bumalik sa classroom. Muntik na akong ma-late, kasunod ko na yung first period teacher naming.

Sobra ang ngiti ko.. Hindi ko matanggal. Ano ba `yan! I must be looking crazy!!

Habang naka-upo ako, may tumamang papel sa ulo ko.

"Aww~" Tiningnan ko yun paper, may naka-sulat.

*"Future Mrs. Canzares,*

*Please `wag kang ngumiti ng todo.*

*Nadadala mo buong mundo ko. :>*

*Sabay ulit tayong mag-lunch mamaya ha? Special ang niluto ko. Ikaw ang unang makaka-tikim. Gusto ko makita reaction mo. Tapos, ihahatid kita pauwi. Ako na rin maglu-luto ng dinner mo, tatal wala kang kasama sa unit mo. Gusto mo tabi na rin tayo matulog? Haha. Loko lang. Conservative ako.*

*I love you ng sagad. Pa-kiss ulit mamaya.*

*Future husband mo. ;3"*

Tumingin ako sa upuan niya, pero umiwas siya ng tingin at kunwari tumitingin sa notes niya.

Eh alam ko namang never nag-notes yun.

I just find everything about him adorable.

Mas nai-inlove pa yata ako sa kanya bawat oras. UUUGGGHH. Cheesy!

And I think,

I'm barely one step closer to falling for him COMPLETELY.

## Step 19: Odds.

Nasasanay na ako sa buhay may boyfriend. Yung hindi masasabing malamig ang Valentine's mo. HAHA!

Dati naman wala lang talaga sa'kin ang Valentine's, pero ngayon napaka-special na.

1 week na lang, Feb. 14 na.

Tapos a week after Valentine's eh yung birthday ni James. Pupunta kaya ako? Ang rude naman kung hindi, mabuti naman yung approach niya.

Isasama ko na lang si Kai para sigurado. Kung gusto niya lang, kasi baka marami namang taga-school na pupunta. Wala naman sigurong binabalak na hindi maganda si James.

Naglalakad ako sa corridor, bibili ako ng bond paper. Ngayon pa naubusan!

OH SHOOT. Naiwan ko wallet ko!

Sabi nga pala ni Kai susunod siya. Siguro nasa room pa siya.

I called Kai. Papadala ko na lang. Haaay. Makakalimutin na 'ko..

"Hello, Kai?" Ang bilis niya sumagot! Haha!

"Yes labs?" :">

"Nasa room ka pa?"

"Paalis na. Bakit, miss mo na kaagad ako? OA ka ha.."

"HE! Naiwan ko wallet ko.. Pwede paki-dala?"

"Ah, sure. Antayin mo na ako, sabay na tayo."

"Mmkay. See you!"

"Oks. I love you." \*dial tone\*

Can you blame me kung palagi akong kinikilig? Haha!

Sumandal ako sa pader malapit sa girl's CR.

"HAH. I pity Kai. Ina-alila mo lang siya." Haaaay. Si Nadine!

"Hindi ko siya ina-alila!!"

"OH YEAH? Wallet lang hindi mo pa mabalikan?" Seriously, what's her problem?

"Alam mo yung nakiki-suyo? Tsaka, bakit ba galit ka? I'm his girlfriend. Walang masama. On the way naman kaya pinadala ko na!"

"Tss. Ina-abuso mo siya! Alam mo lang na masyado ka niyang mahal kaya ginaganyan mo siya??"

"Wait Nadine, ayoko ng away. Please, tama na. Wala namang patutunguhan `to eh! Ni hindi ko alam kung bakit sobra ang galit mo sa'kin!"

"Sige lang, magpaka-inosente ka! Akala mo kung sino kang anghel at malinis? You dirty sl\*t!!" Then lumabas na siya ng CR.

A-ano daw? Sumosobra na siya ah?

Natulala ako. Ano bang ginawa ko?

"Hey.. Wag mo nang intindihin yun.." Niyakap niya ako.

"Kai.. Ganun ba talaga ako? Ina-alila ba kita?"

"Sssh! Ano ka ba, wag mo ngang intindihin yung si Nadine. Alam mo naman ang mga aso, tahol ng tahol kapag hindi nila kilala ang tao." He grins.

"Haha! Bad ka.."

"Haha, date na lang tayo sa weekend."

Yun lang ang weird kapag nagmamahal ka.

One moment you're in pain, and when he hugs you, everything fades away.

Parang kayo na lang dalawa sa mundo.

Kaso, mukhang hindi lahat boto saming dalawa..

Nandito na ako eh..

I promise to fight for him, despite all the odds.

## Step 20: Rumors

Ang sakit ng kagat ng langgaaaaaaaaaaaaam!!

Ang sweet kasi namin ni Kai eh. Haha!!

Ang sarap-sarap ng feeling. NI hindi ko na nga naisip na peke lahat 'to eh.

Para sa'kin, totoo yung nararamdaman namin para sa isa't-isa. Love conquers everything, right?

Three days na lang, Valentine's na! Excited na ko. Magd-date kami ni Kai, kahit may pasok yun. Hihi.

Habang papasok na ako sa loob ng campus, narinig kong may tumatawag sa'kin. And I don't really like that voice..

"Hey, Sexy!! I mean--- Sephie!! Haha!!" Tumigil ako sa pagla-lakad.

"What now?!"

"WHOA, Easy. Ii-inform lang naman kita na na-move na yung party ko."

"Uhh, Okay? Kelan na?"

"Three days from now." He smirks. Eh?

Wait, three days from now? O\_\_\_O WTH??

"WHAAAT? VALENTINE'S DAY YUN AHHH?!"

"Exactly. Kaya nga masquerade na ang theme ng party, since Valentine's naman. You could bring your date if you want to.. Or better yet, Let me be your date.."

"Naah. Salamat na lang sa information. Sige, bye." He blows a kiss.

Hindi ko alam kung seryoso ba siya sa mga sinasabi niya o ano. Basta kinikilabutan ako sa mga sinasabi niya.

But on second thought, siguro okay din yung party na yun. Makakapag-date kami ni Kai ng libre, sosyal pa!! LOL.

Kahit saan naman ako mag-celebrate ng Valentine's, basta siya ang kasama ko.

Pag-pasok ko, wala pa si Kai. Lagi namang maaga yun ah??

"Uy, si Kai?" Tinanong ko kaagad si Jen.

"Ikaw ang gf eh!! Hindi ba nagtext sa'yo?" Tiningnan ko naman ang phone ko at Tadaaaa! May text nga!!!

**From: Bok <3  
Bok, di ako makakapasok. May sakit ako eh. Punta  
ka dito, alagaan mo ko. Haha! Ingat ka pauwi. I love you.**

Aww. May sakit siya. Nakaka-miss!!

Hindi ko na ma-imagine ang isang araw na wala siya eh. Ang hirap pala nito..

Dun naman sa 'BOK' thingy, haha! Masyadong mushy!!

Bok, as in tinitiBOK ng puso. Haha! Ang lalim ng word!



Tinext ko rin siya at sinabi ko kung gaano ko siya nami-miss. I feel like crying!

Breaktime, si Jen ang kasabay ko.

"Girl, C-Cr muna ako ah, Pantog Alert na eh." tapos tumakbo na siya ng mabilis. Medyo malayo pa naman ang CR. Good luck to her. XD

Tatayo n asana ako para bumili ng pag-kain, kaso parang narinig ko ang pangalan ni Kai sa mga babaeng naka-upo sa likod ko. Naka-talikod sila..

But I'm sure si Nadine yung isa.

"And OMG, he's so hot. Yung abs niya? Haha! Kung hindi mo pa nakikita, you missed half of your life!!" Wait, kaninong abs yun? Baka naman nagkamali lang ako ng rinig sa pangalan?

Might just be another guy flinging with Nadine.

Dapat talaga tatayo na ako pero `di ako maka-galaw.

"Talaga? Nakaka-inis!! May picture ka ba niya, Nadz??" Says the other girl. Mukhang classmate ni Nadine. Ayoko sa intonations nila! Ang arte! Mas maarte pa sa'kin!

"DUUUUH. You really think mai-isip ko pang mag-picture sa kalagitnaan ng ginagawa namin? The room was on fire!!" Says Nadine.

Gosh.. Does that mean, may nangyari kay Nadine at dun sa guy?

"Oh, sorry, eh paano ba kasi nangyari `yan? `Di ba may girlfriend yun?" Shocks. Nage-eavesdrop na `ko!

"Tss. Asawa nga nasu-sulot, boyfriend pa? Tsaka, kung ganun namang ka-hot ang lalaki, okay lang sa'kin na maging other woman. And dear, hamak namang mas hot ako sa babaeng `yun! Ako ang unang nagka-

gusto sa kanya. First come, first serve. See, ako rin ang naka-first time sa kanya. I bet hindi pa nakikita ng kawawang babaeng yun ang hotness ng isang Kai Matthew Canzares.. Haha!!” Nadine laughs.

Mali pa rin naman ako ng rinig ‘di ba? Bingi na siguro talaga ako.. It can’t be him. May sakit pa nga siya ngayon, ‘di ba?

“Bakit ba siya absent ngayon?” Tanong nung isang girl.

“Sabi niya, hahanap siya ng paraan para matanggal yung kiss marks.”

“GOSH! You’re so aggressive!” WHAT THE???

“Buti nga sa bandang chest yung sa’kin. Hindi visible. I gave him one on his neck. Teehee. Kawawang Miss President.”

M-miss President??!!!

Napatayo ako at natumba yung upuan ko. Napa-lingon yung dalawang nagk-kwentuhan, pero hindi nagulat si Nadine. Doesn’t even look guilty.

“Ooooh. Narinig mo ba lahat Sephie? I’m really really sorry. Hindi ka kasi dapat nakikinig sa usapan ng iba. Ikaw lang ang kawawa. You should thank me, I made your boyfriend happy last night. At paki-sabi rin sa kanya, salamat din. I had so much fun.”

I just wanna rip her face apart!!

“HOW DARE YOU? Ako pa ang sinabihan mo ng masama last week, when in fact ikaw naman ang gumagawa ng masama!”

“HAH! Una-unahan lang ‘yan, ang bagal mo kasi. Well,, don’t worry. Hindi pa naman daw siya makikipag-break sa’yo. Nae-enjoy pa niya ang popularity pag kasama ka niya. Sige, magt-time na. Enjoy. HAHAHAHA!!”

She left me speechless.

Hindi ko alam kung dapat ba akong maniwala sa sinasabi niya.

Hell no!! Hindi magagawa yun ni Kai. Alam kong hindi niya kaya. May sakit siya, sabay pa kaming umuwi kagabi, kaya imposible talaga.

Ayoko, ayokong maniwala! Masyado lang insecure si Nadine. Hindi iya matanggap na boyfriend ko ang taong gusto niya. She's not worth my trust!

Wake up, SuShi!

I slapped my face lightly.

"Uy, pasensya natagalan ako ah!! Ang daming tao sa CR! Naka-salubong ko pa yung bruhang Nadine na yun! Naka-ngisi pa! Ang sarap bungian!! O tara, kain na tayo!"

Hindi ako maka-sagot.

"Huy, ano? Titigan tayo?"

"Jen---" My phone vibrated.

Nag-text siya. I really need to talk to him.. Dalawin ko kaya siya sa bahay nila?

Nung nakita ko yung message niya, halos mai-bagsak ko na yung phone..

**From: Bok <3**

**Yeah. I had fun last night. HAHA. Ulitin natin mamaya!**

Hindi ko alam ang iisipin ko. Dapat may tiwala ako 'di ba? Pero yung text niya.. Tugma sa sinabi ni Nadine!

Maya-maya, tumawag na siya.

"Hello, Sephie? I-I'm sorry, wrong send ako. Hehe." He says.

"Talaga?"

"Oo naman. Sige ah, pahinga muna ako."

"Dalawin kita.."

"W-wag na!! Dyan ka na la-----" Binaba ko na ang phone.

D\*mn! Bakit siya nags-stammer!!? Guilty ba siya??!!

Gusto ko nang mag-collapse. Ang sikip sa dibdib nito!!

Tumakbo ako palayo habang umiiyak. Hindi ko na nasabihan si Jen.  
Nakaka-inis!!

Eto na ba? Mawawala na siya sa'kin?

Pwedeng 'wag muna, Sephie?

I'm not ready to give him back..

## Step 21: Pain

Ang sakit.

Ang sakit-sakit pala. Magva-Valentine's pa man din.

Bakit naman ganun? Alam kong dapat may tiwala ako sa kanya, pero malakas yung evidence. Nakaka-lito.. Hindi ako sanay sa ganito..

Pero hindi naman dapat pagka-tiwalaan si Nadine..

Hindi ko na alam.. Litung-lito na ako..

Nahihilo ako.. Hindi na ako maka-hinga.

Too much pressure is not good for me. Lalo na kapag umiiyak ako ng sobra..

Uma-atake ang asthma ko.

Isang bagay na wala si Sephie.

My chest hurts.. My heart hurts. Kai.. Help me, please..

Napa-sandal ako sa pader at napa-upo. Hindi ko na kaya.. Hindi ko kasi nilalagay sa bulsa ko yung inhaler ko. Baka makita ni Kai..

"Sephie?" Sino yung tumatawag?

"H-help.." I could barely utter a word.

"Anong nangyayari sa'yo? Hey!!" Natumba na ako.

"Y-Yung i-inhaler ko.. N-nasa room.. I c-can't breath.. I-it hurts.." Ang sakit!!

"Hey w-wait!! Dadalhin kita sa clinic!! F\*\*k!" Naramdaman kong binuhat ako ni James, nagp-panic siya.

Nung narinig ko ang boses ni Jen, nawalan na ako ng malay.

---

It's too quiet.

Tunog lang ng aircon ang naririnig ko. Nasa condo na ba ako?

Pagka-mulat ko ng mata, nakita kong mag-isa ako sa clinic.  
Yeah, I passed out.

"Kai.." I mumbled. Sana nandito ka..

Nagulat na lang ako nung lumabas si James sa tabi ng kama ko. May kinuha yata sa ilalim.

He looks hurt.

"Sakit naman niyan. Ako na nga yung nagmagandang loob dito, siya pa rin ang hinahanap mo. Birthday ko pa naman sa isang araw. Sige, bahala ka na. Your bestfriend is calling your BOYFRIEND. Bye."

Umalis na si James ng clinic.

Nakaka-guilty. Nakaka-hiya.

Ngayon ko lang naramdaman na mahal niya talaga si Sephie. Siguro nadadala lang talaga siya ng emotions niya kaya siya nakaka-sakit.

"SEPHIE!! Gosh! Papatayin mo ako! Bakit kasi bigla kang nagka-hika? Suskopo!! Tinawagan ko na si Kai."

"T-tapos? Anong sabi niya?"

"Sobra siyang nag-alala sa'yo!! Lalo na nung nalaman niyang si James ang nag-dala sa'yo!"

"Tss. Si James na nga yung tumulong sa'kin eh. Dapat siya pero ano? Wala siya." Okay, alam kong ang bitter bitter nun.

"Gaga. May sakit nga yung tao eh! Kung nandito yun, aligaga yun sa pag-aalaga sa'yo!! At isa pa, malay mo ba kung pakitang tao lang ni James yun!! Wag kang mag-tiwala kaagad!"

"Di man lang nag-abalang tumawag sa'kin buong mag-hapon, tapos ngayon ganun lang? Ganyan ba ang boyfriend, Jen? O baka naman may iba na siya!!!"

"Alam mo Seph, PRANING ka na eh. Witness ako sa pagka-baliw nung tao sa'yo!"

"Whatever, Jen. Basta kailangan ko maka-bawi kay James. Nakaka-hiya sa kanya."

"At paano naman, aber??"

"I'll be spending Valentine's Day with him."

## **Step 22: Bitter Valentine's Day!!**

February 14.

Valentine's Day, birthday ni James.

I've been texting Kai, hindi siya nag-rereply o tumatawag. At parang ang layu-layo ng bahay namin ah! Nai-inis na 'ko! Maybe he's getting along with someone!

Hay! Valentine's pa naman..

Siguro ganito yung naramdaman ni Sephie noon. Gusto mo rin bang maramdaman ko 'to Sephie? Sabagay.. Hiram ko lang naman siya eh.

Lunch time hanggang gabi, Masquerade party. Tapos gabi hanggang madaling araw, club party. Ang yaman ni James. Sa bahay nila gagabapin yung events.

Kung hindi pupunta si Kai, then 'wag! Sumama siya kay Nadine. They could make their baby tonight!! I don't care..

How I wish I really don't.

Ayoko nang umiyak. Ayoko nang atakihin ng asthma.

I got ready. Nag-insist si James na kung hindi pa raw dumadating si Kai 10 mins. before time, siya na ang susundo sa'kin since naka-gown nga ako.

Mabait naman pala si James eh. Ma-angas lang talaga.. Pero hindi pa rin ako makatitig nang matagal sa kanya. Nakaka-takot eh.

Nag-bihis na ako. Nagamit ko ngayon yung mga tinuri ni Shirley about make-ups. I miss her. :(



Natapos ako, saktong may bumusinang kotse.

Napa-takbo ako sa bintana..

Oh. It's James.

Bahala ka Kai. Magpapaka-saya rin ako ngayong gabi.

"Hey, you look hot." James says, looking at me from head to toe. Nakaka-ilang since medyo daring yung gown ko.

Halter tapos medyo may labas sa cleavage ko. It's Shirley who bought this. =\_\_=

"Stop it."

"Buti 'di dumating syota mo. Masusulot kita ngayon."

I'll take that as a joke. Kahit na napaka-seryoso ng pagkaka-sabi niya.

"Since wala kang date, ako ang date mo. Birthday at Thank you gift mo na sa'kin." May magagawa ba ako?

I sighed in response.

Nung dumating kami, Na-shock ako sa laki ng place nila. Elegant.

"Asan parents mo?" Puro teenagers ang nakikita ko eh.

"Not here. Nasa States sila. This is EXCLUSIVELY for friends and schoolmates."

Medyo kinabahan ako nun. Ibig sabihin, wala kaming kasamang parents or relatives niya.

Calm SuShi. Atleast marami pa rin kayong magka-kasama. Si Jen kasi, hindi sumama. I can't see my classmates, too. Nakakahiya namang mag-reklamo, hindi ko naman party 'to.

The place was romantic.. Sayang. Perfect Valentine's Day sana naming 'to.

I checked my phone.. He texted me!!!

**From: Bok <3  
'Wag ka na pumunta Bok. I can't come.**

Says who?? Bahala siya!

Nag-sayaw lang kami ni James, kumain at nakinig sa music. Medyo masaya naman siya kasama.. May pagka-gentleman din. He's good-looking. Bakit 'di siya mag-hanap ng iba?

Nung medyo dumilim na, nag-paalam na siya.

**"Magbi-bihis lang ako ah. Punta ka na rin sa guest room, alam mo naman kung saan 'yun. Palit ka rin ng damit mo. We're going to set the party on fire again."** He threw me a seducing stare.

Goosebumps!

Ibig sabihin, naka-punta na si Sephie dito noon. Bakit kaya? May party rin?

Nag-tanung tanong ako sa mga staff at nahanap ko naman yung guest room. Nag-palit na ako. Buti madaling tanggalin yung gown ko. Nag-retouch na rin ako.

Mukhang wala na talagang pakialam si Kai sa'kin.

Medyo sexy-type yung damit ko, tube dress na above the knee. Anong magagawa ko? Puro ganito yung binili namin ni Shirley. Pero syempre, hindi naman nakaka-bastos yung mga binibili namin.

Lumabas ako at narinig ko na kaagad yung malakas na music. Nakaka-bingi!

"Hey sexy." He grabbed me on my waist.

"James tigilan mo nga ako!"

"Hah! Single ka ngayon `no. It's Valentine's.. tapos wala ang boyfriend mo? It's me who's here." Natahimik ako sa sinabi niya.

Totoo naman eh. Mukha akng kawawa kasi wala yung boyfriend ko sa araw na `to.

"Alam kong depressed ka. Let's drink." He offers.

"D-drink? Hindi na.."

"Sus. Parang hindi ka umi-inom ah!! Eh mas malakas ka pa nga sa'kin eh. Nagawa na natin 'to dati. Dali na! Bawal ang KJ! It's my birthday."

"O-Okay.. Basta bawal malasing ah. May pasok pa tayo bukas.." He just smiled.

Siguro kailangan ko ring uminom.. Para maka-limot naman ako.

I turned off my phone and started drinking.

Kahit first time ko 'to, nae-enjoy ko yung feeling na lumulutang ka..

"See? Masaya `di ba??" James says. "Come on, let's dance!!"

Hinila ako ni James sa dance floor. I think I'm tipsy. So what? Wala naman yung SYOTA ko eh!

Nag-sayaw kami ni James. Sa kilos niya, mukhang medyo tipsy na rin siya.

"Magaling ka pa rin sumayaw Seph.."

"Uh-huh. It's because walang nagba-bantay sa'kin. Haha!!" James held my waist. I think what we're doing is dirty dancing.

So what?? Kung kaya ni Kai, kaya ko rin.

James' hands are already exploring my body. Masyado na akong nagigilty.

"James.. Tama na.. I'm tired. Let me rest.. May tama na tayo eh.."  
Sobrang nahihilo na 'ko, napa-upo na ako sa sahig at napa-sandal sa pader.

"Oh come on! Mag-sayaw pa tayo Seraphine.."  
Hindi na ako maka-sagot. Nahihilo na talaga ako.. I wanna go home..

"Uwi na 'ko.."  
Tatayo na sana ako pero pinigilan ako ng isang guy.. Hindi ko na maaninag! Ang labo ng paningin ko! Umiikot!

He kissed me. Gosh!! This guy's drunk! I could taste it!

"S-Sino ka ba? Stop it!"  
Hindi ako maka-laban. Ugh! I'm weak!

Narinig kong nag-sigawan ang mga tao. Nagch-cheer pa sila. Crap! Hindi ba nila naiintindihan ang nangya-yari??

"I love you.."  
The guy said. Those words made me even weaker.

Next thing I know, we we're entering a room.

## Step 23: Unsaved.

This guy's carrying me, until I felt the soft, comfy bed on my back. Ooh, he's nice. ^\_\_^

Crap!! Nahihilo na ako! I can't recognize anything!!

Then I felt someone.. Kissing me.

Si Kai kaya 'to?

Kaso walang.. Walang spark.

I tried to open my eyes.

Nung makilala ko kung sino siya, nai-tulak ko kaagad siya. Bigla akong kinabahan.. Parang nawala yung pagka-lasing ko!!

"J-James! Stop!!" Mukhang nagulat din siya.

"Tama na.. L-lasing ka lang naman, d-di ba? Uwi na ko.. " Nung maka-alis akong sa kama, nahawakan niya agad ako.. nang mahigpit.

"No, You're not going anywhere."

Parang lalabas na sa dibdib ko yung puso ko nung sinabi ni James 'yun.

"I love you so much, Sephie. Kahit anong sabihin nung syota mo, hindi niya ko mai-isahan."

"J-James, Sorry pero---" Hinila niya ako nang malakas.. And started kissing me again.

"JAMES! STOP IT!! ANO BA!!"

"I want you.... Again." WTF? What does he mean by "again"?

"No.. Please!!" I pleaded.. But I'm too weak. I-dagdag pang medyo tipsy na nga ako.

HELP!! Kai... Please..

James is getting violent. He's tearing my top apart!

Pinipilit kong itulak siya at umalis.. Pero hindi ko talaga kaya..

Kai.. Hindi ka na ba talaga dadating? Wala ka na ba talagang paki-alam sa'kin?

Hindi mo na ba talaga ako mahal??

Mas lalo akong nanghina sa naisip ko. Hindi na ako maka-laban. All I can do is cry.. mourn.. for myself.

"P\*\*A!!!!" I heard someone shout. Sobrang lakas.. Parang galit.

But still, kahit lasing ako, kilalang-kilala ko yung boses na `yun.

"Kai.." I whispered.

Pero tumakbo siya palayo.

No, Kai!! Bumalik ka!

Sa ganitong posisyon, akala niya siguro, ginusto ko 'to.

Wala ba siyang tiwala sa'kin? Eh kung siya nga...

Napa-iyak ako lalo. Na-tigil si James sa ginagawa niya sa'kin.

I gave him a hard slap. Crap. Sumasakit na naman ang dibdib ko. Hindi ako maka-hinga..

**"T-Thank you, James!!! Once you're done with me, P-please!! Kill me!!"**

Then I passed out.

Great. It's like I surrendered myself to him.

## **Step 24: Dropping Rain**

Ouch. My head hurts badly. Ano bang nang-yari?

Lumingon ako sa paligid.

Then everything went back to me.

I..... I got raped.

Iniwang niya lang ako ditto pagka-tapos niyang babuyin.

Nasa room ako ni James. Naka-bath robe ako. HAH! Nag-abala pa siyang balutin ako. Sabi ko, dapat pinatay niya na lang ako.

I disgust what happened. I disgust myself. I started throwing things.

Ano bang nangyayari?

Sephie.. Gumaganti ka ba? Mali ba yung panaginip ko dati? Galit ka ba sa'kin?

Ayaw mo bang maging akin si Kai?

Hindi naman talaga siya sa'kin eh. Hinihiram ko lang siya.

Pero siguro nga, dapat, ibalik ko na siya sa'yo.

Lahat-lahat ng hiniram ko..



Pati pagka-tao ko ngayon. Ganun ba ang gusto mo, Sephie?

Biglang umulan.

Yan ba ang sign mo, Seph?

Ganyan na ba karaming luha ang naibuhos mo dahil sa mga ginagawa ko?  
Ami I that selfish??

Nag-bihis ako nung damit ko kagabi. Nag-lakad ako palabas, walang payong.

Pamilyar yung lugar. Malapit lang sa condo unit ko.

Ano pa bang ginagawa ko dito? Mas mabuti yata talaga kung ako na lang yung namatay.

Pag-pasok ko sa unit ko, bumalik na naman yung image ni Sephie na naka-higa sa sahig..

Naiyak na naman ako. Naulanan na nga, hinihika pa.

Just let me die..

Habang umi-iyak ako, may nalaglag galing sa cabinet..

Diary. Mukhang sinubukang sunugin kasi sunog yung dulo. Readable pa rin naman siya.

Bakit hindi ko 'to nakita dati? Baka... baka may mga importante pang naka-sulat dito.

Binasa ko.

*"James Peralta."*

S-si James? Bakit hiwalay yung entry niya?

Habang binabasa ko..

Unti-unti, parang pinapatay na ako.

## Step 25: Secrets

As I flipped through the pages, everything is slowly being cleared to me.

And I guess I'm still too weak to handle these.

May picture ni James.. May mga pictures din silang mag-kasama.

They looked like.. bestfriends..

Lahat ng entries sa diary na 'to, tungkol kay James.

It was written last school year..

Yung huling taon ni Sephie.

*"August 17, 2010*

*Meet James Peralta. He's my guy bestfriend. Transferee siya, but he's really nice. Palagi niya akong sinasamahan sa klase, hindi tuloy ako lonely kasi hindi kami classmates ni Kai this school year.*

*Ang gwapo niya 'no? Crush ko siya ng konti. But of course, I love Kai to bits.*

*Minsan nga, napagka-kamalang kami ni James kasi palagi kaming magka-dikit. Natatawa na lang ako sa thought na yun. Friends lang talaga kami."*

Tinuloy ko lang ang pagba-basa. Kai's not even texting me. I have plenty of time to kill.

*"August 21, 2010*

*Miss ko na boyfriend ko!! Ang hirap naman pag hindi ko siya kaklase! Sana next year classmates na ulit kami!*

*Buti na lang andito si James. Palagi niya akong napapatawa at napapanngiti. Nandyan din sina Mommy, Daddy at SuShi. Si twinsis palaging nagtext sa'kin. Ang sweet niya talaga!*

*Basta! Miss ko na si Kai!"*

Yung mga sumunod na entries, puro tungkol sa pagka-miss niya kay Kai.

Masyado niyang mahal si Kai..

Mas lalo akong nag-guilty.

Maraming pages na walang laman.. The next entries were dated February.

A month before she died.

*"February 2, 2011*

*Ang sakit naman.*

*Ang cold ni Kai sa'kin this past few days. Hindi na ako naka-sulat kasi nga depressed ako.*

*Bakit ba ganun siya? Madalas ko pa siyang makita na kasama ng iba.. Ang sakit-sakit na..*

*Si James ang 'comforter' ko. Nara-ramdaman ko talaga yun. I felt loved."*

*"February 5, 2011*

*Nagulat na lang ako sa balitang biglang kumalat sa school. I bet Nadine started this. She tells people I'm having an affair with James!!*

*If I know, gusto niya lang kuhanin si Kai sa'kin.*

*That'll never happen. Kai trusts me."*

*"February 6, 2011*

*Nag-kasakitan sina Kai at James kanina.*

*Ano bang ibig sabihin nun? Wala ba siyang tiwala sa'kin? Hindi na niya ako pinapansin. Mas cold na siya.*

*I often see him with other girls.*

*Wish my twin sister was here.."*

*Sana nga.. nandun ako..*

*Palapit nang palapit sa death anniversary niya..*

*"February 8, 2011*

*I hate this day. Masisiraan na yata ako nang bait. Hindi ko na kayang maging malakas..*

*Kai told me I'm a flirt.*

*James told me he loves me.*

*Please God. Help me."*

*"February 9, 2011*

*Absent si Kai. Hindi siya sumasagot sa mga texts, calls at emails ko.*

*Is it the end of us, Kai? Wag naman.. 'Di ko kakayanin..*

*James invited me to his place, bukas daw. Masyado na akong down para tumanggi. I need my bestfriend.*

*I askes Jen to come with me, pero ayaw niya. Hope tomorrow would be a not-so-bad day."*

Wala nang entry pag-katapos nun.

Ano kayang nangyari sa bahay ni James? Bakit wala na?

Sephie's death was February 16th. Malakas ang kutob ko na may kasunod pa 'to. I know her too well.

Lahat ng problema niya, sinusulat niya sa diary, kasi wala naman ako para mapag-sabihan niya ng problema niya.

Hindi naman siguro siya magpapakamatay kung walang malalim na dahilan..

And I hope her reason would not complicate my situation any further.

I'm a disgusting, pitiful, helpless, hopeless and useless piece of trash.

I don't think I can handle another slap of reality.

Might as well kill myself and join Sephie.

## Step 26: Revelations

Ang bigat-bigat sa dibdib. Hindi naman kasi ako malakas. Hindi ako sanay sa ganitong pressure.

"Sephie.. Please, hayaan mo naman na malaman ko kung anong nangyari sayo.. G-Gusto ko nang maliwanagan.." I cried as if she could really hear me.

Or maybe she really could.

May kung anong nalaglag galing sa bookshelf. And this time, it's not a diary.

Malaking envelope. Paano kaya 'to nalaglag? Maybe Sephie's really with me.

Ramdam ko na maraming laman yung envelope. My hand shivers. Alam kong nasa loob nito ang sagot.

Pag-bukas ko, may tatlong envelope na nasa loob, isang box at mga naka-fold na stationary papers.

Inuna ko yung stationaries..

I knew it. These are torn pages from her diary. Ito siguro yung mga kasunod na nangyari.

Masyado sigurong masasama kaya hiniwalay niya. These might be the answers' hiding place.

Halata mong galit si Sephie nung sinusulat niya yung mga 'to.

Sobrang diin nung sulat, to the point na nabutas na yung papel, the papers are crumpled and torn.

I continued reading.

*"February 11, 2011*

*Yesterday, we went to James' place. We talked, I cried, he brought food and beer, I didn't refuse. Uminom ako hanggang malasing ako, I'd love to forget the pain.*

*And so we ate, we drank (wildly), we danced and partied. (Kahit na kami lang dalawa.)*

*I thought that was the best hang out ever.*

*But it was a disaster.*

*Nung nagising ako, I'm totally naked, and James wasn't around. My head hurt like hell. Hanggang ngayon, hindi ko pa rin alam kung ano talagang nang-yari.*

*Ang laki ko naman kasing T\*NGA!! Ano ba kasing iniisip ko? Bakit ako pumayag? Kahit alam kong mahal ako ni James at bestfriend ko siya, still, he's a guy! A very liberated guy!! Ang t\*nga-t\*nga ko talaga!! Ano na lang ang sasabihin ng mga tao sa school? Ng family ko? Ni Kai?*

*James' note scared me. It says: "Thanks for the wonderful night, Sephie. I'll be back soon."*

*But what scares me the most was the bloodstain on his bed.*

*I want to die!!!!"*

Natulala ako sa nabasa ko.

Napatunayan ko na talaga kung gaano ka-obsess si James kay Sephie. He's a pervert!!

Nasusuka ako.. Nakaka-sukang isipin na pareho niya kaming binaboy ng kakambal ko.

Though my chest is in severe pain, I continued reading.



*"February 12, 2011*

*Natatakot na ako kay James. Sa unit ni Trish muna ako tumutulong ngayon. Ilang beses kasing pumupunta si James sa unit ko..*

*Nung una, pinapasok ko siya. Alam kong kailangan naming mag-usap. Confirmed..*

*May nangyari nga sa aming dalawa. I'm a big idiot. Ano nang mangyayari sa'min ni Kai? Hindi ko kayang mawala siya sa'kin.. As much as hindi ko kayang mahal in si James..*

*Sinabi ko yun kay James. He became hysterical.. And tried to do something with me again. Lumaban ako, tinutukan ko pa siya ng kutsilyo para umalis siya. Like, what the hell? Depressed ako, he still thinks about 'that'? Hindi ko akalaing ganun siya. He's not my bestfriend.*

*Hindi alam ni Trish yung nangyari.. Kinahihiya ko yun. Kinahihiya ko ang sarili ko.*

*Ngayon, may sapat na dahilan na si Kai para layuan ako."*

Few flips and I'll arrive at her death day.

Kinuha ko yung inhaler ko at huminga ng malalim. It helps, but not completely.

*"February 13, 2011*

*Pumasok ako kahit depressed talaga ako. I wanted to talk to Kai. Maayos pa naman 'to di ba? Sa love naman, basta mahal niyo ang isa't-isa okay lang lahat 'di ba? Alam kong mahal pa ako ni Kai.*

*Pero nung kina-usap ko siya, sinagot niya ng tanong yung tanong ko.*

*I asked him, "Kai, hindi mo na ba talaga kayang pakinggan ako? I love you!!"*

*He answered, "Nasaan ka nung gabing absent ako sa klase? Nag-text ako at sabi ko magu-usap tayo."*

*Nung narinig ko yun, napa-takbo ako palayo. Masakit na hindi niya ako hinabol o tinawag pabalik.*

*Ang t\*nga ko talaga. Pinatay ko ang cellphone ko nung papunta kami sa bahay ni James. Hindi ko alam na dapat magu-usap kaming dalawa. I wasted the chance..*

*Ngayon, mukhang Malabo na talaga lahat..”*

*”February 14, 2011.*

*Valentine’s Day.*

*Ako lang siguro ang iyak ng iyak sa araw na ‘to. Hindi ako kinakausap ni Kai. Kung kakausapin niya naman ako, ibabalik niya yung topic na yun. Of course, hindi ko kayang sagutin yun.*

*I saw him and Nadine went home together. It kills. Akala ko ayaw ni Kai kay Nadine? Ganun ba naramdaman ni Kai nung sumama ako kay James?*

*Maybe this was meant after all. Maybe we were never meant to be.”*

*”February 15, 2011*

*Kai slapped me.*

*Nung narinig kong magu-usap si Nadine at yung friend niya tungkol kay Kai, saying she and my boyfriend had a date last Valentine’s, nag-init ang dugo ko. Sinugod ko siya, nagkasakitan kaming dalawa.*

*Kai came into the scene, he held the wrong hand.*

*He held Nadine, faced me and said.*

*”It’s the truth.” While staring at me coldly.*

*Yes, Kai slapped me with the painful reality.”*

The day when Sephie died. Ginamit ko ulit ang inhaler ko nang mas matagal.. Alam kong mas masakit yung naka-sulat huling papel na nasa kamay ko.

*"February 16, 2011.*

*Hindi na ako pumasok. Kukulitin lang ako ni Jen, hahabulin ni James at masasaktan ni Kai at Nadine. Besides, ano pa bang silbi ng buhay ko? Tinawagan ko ang family ko. Nagsisisi na ako na iniwan ko sila.. Gusto ko nang makasama sina Mommy at Daddy, at si SuShi. Buti pa siya, walang pino-problema. Buti pa siya, inosente at hindi nasasaktan. SuShi, don't you dare do what I did. Kapag ginawa mo yun, promise, gagawa ako ng paraan para mapa-butu ka. I would never leave you, I will be your guard.*

*Because I'm going to leave this world. Alam kong masyado kang curious at mahahanap mo lahat ng tinatago ko rito. I love you and I miss you very much. I decided to end my life now. Alam ko namang hindi na talaga kami maayos ni Kai.*

*Lalo na at alam kong hindi na ako deserving para mahal ng kahit sino. James left something inside of me.*

*Kaharap ko ngayon yung pregnancy test.. Positive. Maraming babae, natutuwa sa ganitong resulta. Pero ako? Magiging masaya? Si Kai lang ang pinangarap kong maging ama ng mga magiging anak ko.*

*I don't hate this child, though. Wala naman siyang kasalanan. Ako lahat. Ang t\*nga ko kasi. Haha! Baliw na yata ako.*

*Papangalanan ko siyang Shin, hindi ko alam kung babae siya o lalaki. I'm sorry Shin, you won't be able to see the world. Pero.. Ayoko rin na mabubuhay ka na dala mo yung pressure na hindi nagmamahalan ang mga magulang mo.. I'm selfish.. I know.*

*Lord.. I'm really sorry for what I've done and for what I'm going to do.*

*By this time, the blade already slashed my wrist. Goodbye my life.*

*I'm Seraphine Scott. Please do not forget me."*

And that's the end of her life.

At the end of that page was her bloodstain.

Mas lalo akong naiyak sa nabasa ko.

Yung bata pala sa panaginip ko, pamangkin ko..

Sephie.. Sana sinabi mo na lang sa'min.. Aalagaan ka naman namin nina Mommy eh. Hindi mo kasalanan lahat..

Sana hinayaan mo na lang na tulungan ka namin..

Tiningnan ko yung iba pang laman nung malaking envelope.

Sa loob nung box, yung pregnancy test na may dalawang lines.

Yung ibang envelope, files ng appointment niya sa isang OB, further confirming her pregnancy.

Natigilan ako nung sumikip ng sobra yung dibdib ko. Ngayon lang ako naka-ranas ng ganito, sobrang sikip at sobrang sakit.

Hindi na nakakatulong yung inhaler. I cried harder.

Na-realize ko na pareho pala kami ng kapalaran. Pareho kami ng minahal, pareho kaming nasaktan ni Kai at napag-laruan ni James. Kambal nga talaga kami.

Sabi niya, kapag nangyari rin sa'kin 'to, gagawa siya ng paraan para mapabuti ako.

Maybe Sephie misses me badly. She also wanted me to be at peace.

Maybe I should follow her.

Mas okay nga siguro yun. Masyado na rin namang masakit yung dibdib ko, hindi na ako maka-hinga. Maybe it's death's invitation.

Para mapadali na lahat.. Gagawin ko na lang din kung anong ginawa ni Sephie. Masyado nang masakit.. physically and emotionally.

Naka-tabi dito yung blade na ginamit ni Sephie.

Now, it's my turn. I slashed my wrist.

I can't feel anything. Naging manhid na siguro ako, hindi na kayang mag-react ng utak ko para maramdaman ko yung pain.

Blood is streaming down.

I heard someone screaming.. It's Trish.

"Seph!! Anong ginawa mo? Oh my gosh!! HELP!!" Tumakbo siya palabas.

Too late Trish.. too late.

Before I felt my last breath, I saw the person I wanted to see the most.

"Goodbye, Kai." I whispered, then I got kissed.

By someone named Death.

## **Step 27: I love you, Sunshine Scott.**

Yeah, I died.

I wish I did.

I thought I was hallucinating, but the guy I saw was real.

It's a dream come true.

Kai came rushing to me. Full of blood and pale.

"Ano ba namang ginagawa mo!!?" Sabi niya habang binubuhat niya ko..

Umiiyak siya.

"B-bakit ka umi-iyak..?" Mahina na ako...

"Tinatanong mo pa ba 'yan? Ayoko nang maiwan ulit!! 'Wag ka nang mag-salita, dadalhin kita sa ospital."

Gusto kong sabihing 'Wag na, pero iba ang lumabas.

"Kailangan lang pala, m-magpakamatay ako para puntahan mo ako.." I smiled.

Hindi siya nag-salita. Mas bumilis ang pag-takbo niya.

Pakiramdam ko rin, mas bumibilis ang pagka-ubos ng natitirang buhay sa'kin.

\*\*\*

I woke up, everything's white.

But no, I'm not in Heaven yet. But when I really die, I want to be in Heaven, with the Father God.. Somewhere where I could be at peace, a place filled with love and hope.

Sa tabi ko, nakita kong naka-ubob si Kai, hawak niya yung kamay ko. Hindi pa siguro niya napapansin na gising na ako. Alam kong gising siya. He's kissing my hand.

And I can feel his tears.

Umi-iyak siya ng dahil sa'kin. Ang sarap sa pakiramdam.. Hipokrita pakinggan pero masarap talaga yung feeling na, naga-alala siya para sa'kin.

Hinawakan ko yung ulo niya.

"Iyakin." I blurted out. Halatang nagulat siya kasi gising na ako.

"Sama ng ugali nito. Ikaw na nga ang dahilan kaya ako napa-takbo, nag-buhat ng mabigat, napa-takbo ulit, tapos umiyak pa." Then he pouted. Right, mukhang okay na nga kami.

We smiled.

"Hindi mo ba tatawagin yung nurse, o yung doctor kasi gising na ko?" Ganun kasi sa movies and TV series, 'di ba?

"Bakit pa? Eh okay ka naman. Tatawagin dapat sila kapag may emergency. Isa pa, gusto kita ma-solo." He says with a wink.

"Pinag-alala mo 'ko masyado. Ano bang pumasok sa isip mo at ginawa mo 'yan? Hindi mo man lang inantay na kausapin kita. Paano kung nahuli ako ng dating? Edi mawawala ka na sa'kin? Parang pinatay mo na rin ako nun? I can't afford to lose the one I love twice.."

Sobrang nat-touch ako sa sinasabi niya. Malay ko ba.. Pero, naguguluhan talaga ako sa last statement niya.

"Twice?" I asked.

"Yeah, twice. The first one was a year ago.. Same month." Yung tingin niya sa mata ko.. It makes me want to look away.

A year ago, Sephie died..

"Bakit kailangan mo pang mag-panggap na siya?" He asks, coldly.

"K-kailan mo nalaman?"

"Matagal na.. Nung araw bago mo ako binasted sa staired garden. Pumunta ako dito nun pero wala ka sa unit mo. Nakita ako ni Trish, since may tiwala raw siya sa'kin, pina-gamit niya yung spare key at pina-pasok ako sa loob.. Nung araw na `yun, nakita ko yung mga diaries at certificates.. Nung nakikita ko na yung mga pagka-kaiba niyo ni Sephie, mas napatunayan ko. You're weak and innocent, hindi mo alam yung tungkol sa bike at may kiliti ka sa bewang."

"P-pero naka-tago lahat yun nang mabuti.." I knew it, obvious ako.

"Maybe fate wanted me to see those, so technically, hindi mo na pala kailangang sagutin yung tanong ko. Nabasa ko na rin lahat dun.."

That made me somewhat embarrassed. May diary din ako dun, naka-sulat lahat..

Except sa mga pangyayari simula nung gabing may "nangyari" sa'min ni James.

"H-hindi ko maintindihan.." Pinilit kong umupo sa hospital bed kahit na nanghi-hina ako.. This time, inalalayan na niya ako. "Kung alam mo na pala, bakit tinuloy mo pa ang pagc-confess sa'kin noon? Bakit nandito ka pa rin? You're supposed to hate me.. Curse me.. You should have let me die.. Ginusto kitang saktan at ipag-higanti ang kakambal ko.."

We stared at each other for a long time.

"Hindi ko rin maintindihan eh. Ang alam ko lang.. Mas minahal kita sa kung sino ka talaga. Nung nasa staired garden tayo, 'di ba ang sabi ko, 'Mahal na mahal kita, Ms. Scott.'? Hindi ko sinabing Sephie, because I was pertaining to you."



Binitawan niya ang kamay ko at lumuhod sa harap ko.

"I love you, Sunshine Scott. Hindi dahil sa itsura mo, o hindi dahil nakikita ko si Sephie sa'yo. Mahal kita sa kung ano ka.. Minahal kita kasi iba ka sa lahat. Basta mahal kita. Period."

"Tumayo ka nga dyan!!" I giggled.

"Ayyyyy, kini-kilig ka lang eh!!" Tinabihan niya ako sa kama. Okay, kinikilig nga ako but still, I have my doubts.. And I know, hindi maaalis yung guilt sa'kin.

"Hindi ah. May atraso ka pa sa'kin." Sabi ko. Gusto ko pa ring maliwanagan syempre.

"Weh? Ano yun?"

"S-sa inyo ni Nadine?"

"Aaaaaaaaaaaaaah. Nagse-selos ka." I threw him a threatening look. "Oh, easy, joke lang! Wala namang nangya-yari sa'min. Masuka-suka na nga ako kapag dumidikit yun sa'kin nung LQ pa tayo eh. Kung anu-ano pang kinakalat sa school. Nabalitaan ko na lang na may nangyari na pala sa'ming dalawa. Ang galing! Ni hindi ko nga alam yun, ni hindi pa nga ako ginagabi kasama nun!!"

Natawa naman ako sa sinabi niya.

"Ayan, tumatawa ka na ulit. Ganda.. 'Wag mo na ulit gagawin 'yan ah? O kaya naman, kapag gagawin mo ulit, sabihin mo sa'kin. Sabay tayo. Para mabuhayan ka pa, uulitin ko ulit.

I love you, Sunshine Ramos Scott-Canzares." Then we kissed, fast but sweet.

Sobrang masarap pala. Yung alam mong mahal ka talaga nung taong sobrang mahal mo.

But still.. Hindi 'to tama.

Alam kong hindi na ako deserving para sa kanya. I had a night with James..

Kai deserves someone better. Someone cleaner.

Gusto ko mang mag-stay kasama mo Kai.. Hindi kaya ng konsensya ko.. Mahal na mahal kita..

But I need to say goodbye.

Few weeks later, I'm back home, together with my parents. I left the Philippines. I'm back with my old aloof and simple self.

I left my friends, I left my fierce and girly image.

Miserably, I also left my heart.

## **EPILOGUE**

Love, at times, can be unfair. The more you get happy, the more you get disappointed. The more you sacrifice, the more you get hurt. Even if you did your best, it's still not enough. Even if you deserve each other, you simply can't be together. Until such time you have no choice but to give up.

That was my answer when my professor asked me to define love. They can't blame me, it's based on experience.

See, I'm speaking in English again.

It's because I'm back in the States now.

I'm on my last year of study, year after this, I'd probably be Dr. Scott.

Nami-miss ko ring mag-Tagalog, that's why pag nasa bahay ako, Tagalog kami kung mag-usap ni Mommy. Too bad Dad can't speak with us. He often calls us "aliens".

I miss my friends, Trish and Jen and my classmates.. And of course, him.

The one I love.. Until now.

Kahit alam kong wala na akong karapatang umasa at mahal in siya, hindi ko lang talaga mapigilan.

It's odd. Sa ilang taon, hindi siya napalitan. Sure, I had a few boyfriends, I loved them all.. But it's simply not enough to replace my love for Kai.

In the end, nakikipag-break din ako. Napaka-unfair sa part nila.

Ang guess what? Nothing happened between me and James. A year after I left the Philippines, he emailed me one time. Apologizing, saying that

nothing happened and that he was really sorry. He knew I wasn't Sephie, but he thought Kai was just saying it so that James would leave me.

For further confirmation, nagpa-check up kami ni Mommy. There, hindi nga ako nagalaw.

My first impulse was to go back to the Philippines, find Kai, say 'Hey dude, I love you' and fix everything.

Pero naisip ko, he must be angry with me. Iniwan ko siya kahit na inamin niya na mahal niya ako. I stepped on his ego several times.

Sa tagal ng panahon, baka nga may asawa na yun. We're already on our twenties. No hope for me. Una silang gumraduate dun kesa sa'kin.

"Attention, please!" Professor Webb says as she enters the room. "I would like to announce something important."

"I wonder what kind of eccentric news she got now." Says Shirley. Weird kasi lagi kapag nagk-kwento si Prof. Webb.

"It's not eccentric now my dears. The news is that we have a visitor, from another country. He is a successful doctor, here and in his own country. He would like to share his success and hardships. So, Doctor? Please introduce yourself. And please girls, behave."

"Ooooh, he must be handsome!!" Shirley says. I rolled my eyes.

He's from the Philippines.. Haaaay.

A tall, fair-skinned, well-groomed guy entered the room. He looks really respectful.

Nung humarap siya, nakita ko nang maguti ang features niya.

Wait.

Oh please, stop the time. I want to look at his face longer!

The face I longed to see for how many years!

Nag-mature ang itsura niya, pero siya pa rin yung lalaking minahal ko.  
Yung lalaking minamahal ko.

"Hello everyone. As Ms. Webb mentioned earlier, I'm here to share my experiences with you. But that's the minor reason. The major reason is that.." He stared at me. Then he smiled. We looked at each other longingly. Tears started to fill my eyes. So long.. It's been so long..

"I came here to follow my heart."

~*Fin*~

Finished: February 25, 2012. Exactly 9:00 PM.